

PAGPAPALIWANAG
SA
KAHULUGAN
NG

**BANAL NA
QUR'AN**

**SURAH
AL-MA'IDAH**

ردمك : ٢-١٧١-٥٨-٩٩٦-٩٧٨

مطبعة دار طيبة - الرياض - ت: ٤٢٨٣٨٤٠

Inihanda ng:



Islamic Studies, Call and
Guidance of the Philippines

مركز البحوث الإسلامية والدعوة والإرشاد
في الضلبيين

هاتف: ٠٠٦٣/٤٦/٤١٦٣٣٧١

فاكس: ٠٠٦٣/٤٦/ ٥٠٦١٤٥١

**ISLAMIC STUDIES, CALL & GUIDANCE
OF THE PHILIPPINES**

TEL: 0063/46/4163371

FAX: 0063/46/ 5061451

حقوق الطبع محفوظة للمركز

118. “Kung parurusahan Mo sila, sila ay Iyong mga alipin. At kung patatawarin Mo sila, katotohanang Ikaw, tanging Ikaw (O Allâh) ang Lubos na Makapangyarihan, ang Matalino.”

إِنْ تَعَذَّبْتَهُمْ فَإِنَّهُمْ عِبَادُكَ وَإِنْ تَغْفِرْ لَهُمْ فَإِنَّكَ أَنْتَ الرَّحِيمُ الْحَكِيمُ ﴿١١٨﴾

119. Sasabihin ng Allâh: “Ito ang Araw na ang mga matatapat ay makikinabang mula sa kanilang katapatan. Mapapasakanila ang mga Hardin (sa Paraiso) na sa ilalim nito’y may mga ilog na umaagos – sila ay mananahanan doon magpakailanman. Ang Allâh ay nalulugod sa kanila at sila rin ay nalulugod sa Kanya. Ito ang dakilang tagumpay (Paraiso).”

قَالَ اللَّهُ هَذَا يَوْمُ يَنْفَعُ الصَّادِقِينَ صِدْقُهُمْ لَهُمْ جَنَّاتٌ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ ذَلِكَ الْفَوْزُ الْعَظِيمُ ﴿١١٩﴾

120. Nasa Allâh ang kapamahalaan ng mga kalangitan at ng kalupaan at ng lahat ng naroroon, at Siya sa lahat ng bagay ay may kakayahan.

لِلَّهِ مُلْكُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَا فِيهِنَّ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٢٠﴾

makikinabang sa Paraiso bilang gantimpala sa kanilang katapatan sa pagsamba lamang sa Nag-iisang Allâh.

sasabi: “Kaluwalhatian sa Iyo (O Allâh)! Hindi para sa akin ang magsabi kung ano ang wala akong karapatan (na sabihin). Kung sinabi ko man ang gayong bagay, katiyakang batid Mo ito (O Allâh). Iyong alam kung ano ang nasa aking kalooban bagaman hindi ko batid kung ano ang nasa sa Iyo. Kato-tohanan, Ikaw, tanging Ikaw (O Allâh), ang Lubos na Nakaaalam sa lahat ng nakakubli.”

وَلَا أَعْلَمُ مَا فِي نَفْسِكَ إِنَّكَ أَنْتَ عَلَّمُ
الغُيُوبِ



117. “Wala akong sinabi sa kanila maliban kung ano ang ipinag-utos Mo sa akin na sabihin: ‘Sambahin ang Allâh, ang aking Panginoon at inyong Panginoon.’ At ako ay naging saksi sa kanila habang ako ay kasama nila. Nguni’t noong ako ay Iyong kinuha, Ikaw (O Allâh) ang Tagapagmasid sa kanila. At Ikaw (O Allâh) ang Saksi sa lahat ng bagay.”⁵⁸

مَا قُلْتُ لَهُمْ إِلَّا مَا أَمَرْتَنِي بِهِ أَنْ
أَعْبُدُوا اللَّهَ رَبِّي وَرَبَّكُمْ وَكُنْتُ عَلَيْهِمْ
شَهِيدًا مَا دُمْتُ فِيهِمْ فَلَمَّا تَوَفَّيْتَنِي
كُنْتُ أَنْتَ الرَّقِيبَ عَلَيْهِمْ وَأَنْتَ عَلَى
كُلِّ شَيْءٍ شَهِيدٌ



⁵⁸ Ipinag-utos ng Allâh kay Hesus na sabihin sa tao na wala silang dapat sambahin maliban sa Allâh. Kaya naman si Hesus ay nagsabi: “Sambahin ang Allâh, ang aking Panginoon at inyong Panginoon.” Nguni’t nang siya ay kunin ng Allâh, ang karamihan na nagsasabing mga tagasunod ni Hesus ay nagsibalik sa di-pananampalataya sa pagbibigay katambal sa pagsamba sa Allâh. Kumatha sila ng mga doktrinang nag-uutos sa tao na sambahin si Hesus at ang kanyang ina bukod pa sa Allâh. Matapos itakwil ni Hesus ang mga Kristiyanong mapaggawa ng kasinungalingan laban sa Allâh, tinugon siya ng Allâh na ang mga matatapat lamang ang

katotohanan nga ang sinabi mo sa amin, at nang kami na rin ay maging mga saksi nito.”

114. Sinabi ni Hesus, ang anak ni Maria: “O Allâh, aming Panginoon! Padalhan Mo kami ng *Mâ'idah* (isang hapag na may pagkain) mula sa langit upang kami ay magkaroon ng isang pagdiriwang para sa una at sa huli sa amin, at isang Tanda mula sa Iyo. At pagkalooban Mo kami ng panustos, sapagka't Ikaw (O Allâh) ang pinakamahusay sa pagbibigay-panustos.”

115. Sinabi ng Allâh: “Ibababa Ko ito sa inyo, nguni't sinuman sa inyo ang hindi sumampalataya pagkaraan nito, magkagayon, parurusahan Ko siya ng isang parusang hindi Ko pa naipataw sa kaninuman sa *'Âlamîn* (sangkatauhan at *Jinn*).”

116. At (tandaan) sa oras na sabihin ng Allâh (sa Araw ng Muling Pagkabuhay): “O Hesus – anak ni Maria! Sinabi mo ba sa tao: ‘Sambahin ninyo ako at ang aking ina bilang dalawang diyos bukod pa sa Allâh?’” Siya (si Hesus) ay mag-

قَالَ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ اللَّهُمَّ رَبَّنَا أَنْزِلْ عَلَيْنَا مَائِدَةً مِنَ السَّمَاءِ تَكُونُ لَنَا عِيدًا لِأَوَّلِنَا وَآخِرِنَا وَآيَةً مِنْكَ وَارزُقْنَا وَأَنْتَ خَيْرُ الرَّازِقِينَ ﴿١١٤﴾

قَالَ اللَّهُ إِنِّي مَبْرَأٌ لِمَنْ كَفَرَ بَعْدَ مِنْكُمْ فَإِنْ أُعْذِبْتُمْ عَذَابًا لَا أُعْذِبُهُ أَحَدًا مِنَ الْعَالَمِينَ ﴿١١٥﴾

وَإِذْ قَالَ اللَّهُ لِيَعِيسَى ابْنَ مَرْيَمَ مَا أَنْتَ قُلْتِ لِلنَّاسِ اتَّخِذُونِي وَأُمَّيَ لِلتَّالِبِينَ مِنْ دُونِ اللَّهِ قَالُوا سُبْحَانَكَ مَا يَكُونُ لِي أَنْ أَقُولَ مَا لَيْسَ لِي بِحَقِّهِ إِنْ كُنْتُ قُلْتُهُ فَقَدْ عَلِمْتَهُ تَعَلَّمَ مَا فِي نَفْسِي

pagpatay) sa iyo nang dumating ka sa kanila na may malinaw na patunay, at ang mga di sumasampalataya sa kanila ay nagsabi: “Ito ay walang anupaman kundi isang hayag na salamangka.”

111. At nang Ako ay magbigay ng pahayag sa *Al-Hawâriyyûn* (mga disipulo ni Hesus) upang maniwala sa Akin at sa Aking Sugo ﷺ, sila ay nagsabi: “Kami ay naniniwala. At sumasaksi na kami ay mga Muslim.”

112. (Tandaan) nang sabihin ng mga disipulo: “O Hesus – anak ni Maria! Makapagpapadala ba sa amin ang iyong Panginoon ng isang *Mâ'idah*⁵⁷ (isang hapag na may pagkain) mula sa langit?” Si Hesus ay nagsabi: “Matakot sa Allâh kung kayo ay tunay na nananampalataya.”

113. Sila’y nagsabi: “Nais lamang naming kumain dito (sa hain) at bigyan ng kasiyahan ang aming puso at upang malaman namin na

وَإِذْ أَوْحَيْتُ إِلَى الْحَوَارِيِّينَ أَنْ
مَأْمُونُوا بِى وَرَسُولِى قَالُوا ءَامَنَّا
وَأَشْهَدُ بِأَنَّنَا مُسْلِمُونَ ﴿١١١﴾

إِذْ قَالَ الْحَوَارِيُّونَ يَعْيسَى ابْنَ مَرْيَمَ
هَلْ يَسْتَطِيعُ رَبُّكَ أَنْ يُنَزِّلَ عَلَيْنَا
مَائِدَةً مِنَ السَّمَاءِ قَالُوا أَتَقْوَأُ اللَّهُ إِنْ
كُنْتُمْ تَمُؤِنِينَ ﴿١١٢﴾

قَالُوا نُرِيدُ أَنْ نَأْكُلَ مِنْهَا وَتَطْمَئِنَّ
قُلُوبُنَا وَتَعْلَمَ أَنْ قَدْ صَدَّقْتَنَا
وَنَكُونَ عَلَيْهَا مِنَ الشَّاهِدِينَ ﴿١١٣﴾

⁵⁷ Ito ang salaysay hinggil sa *Mâ'idah* na kung saan kinuha ang pamagat nitong ikalimang kabanata ng Banal na Qur'ân. Ang *Ma'idah* ay isang hapag na may nakahaing pagkain. Ito ay kabilang sa mga tulong at tangkilik na ibinigay ng Allâh kay Propeta Hesus. Dininig ng Allah ang pagsusumamo ni Hesus na magpadala ng isang hapag na may pagkain, isang maliwanag na katibayan at tanda na si Hesus ay Kanyang isinugo.

110. (At tandaan) Sa oras na sabihin ng Allâh (sa Araw ng Muling Pagkabuhay): “O ‘Īsâ (Hesus) – anak ni Maryam (Maria)! Alalahanin ang Aking pagpapala sa iyo at sa iyong ina nang itaguyod Kita sa pama- magitan ng *Rûh-ul-Qudus* (Anghel Gabriel) upang sa gayo’y makapag- salita ka sa tao (mula) sa iyong (kamusmusan sa) duyan at sa iyong (pagsapit sa) hustong gulang; at nang ituro Ko sa iyo ang Aklat, ang *Hikmah*, ang *Tawrah* (Torah) at ang *Injil* (Ebanghelyo); at nang gawin mo mula sa luwad ang animo’y hugis ibon sa (pamamagitan ng) Aking kapahintulutan, at hinipan ito at naging isang ibon sa Aking kapahintulutan, at nakapagpagaling ng mga (isinilang na) bulag, at ketongin sa Aking kapahintulutan, at nang iyong buhayng muli ang patay sa Aking kapahintulutan; at nang Aking pigilin ang mga Angkan ng Israel (sa balak nilang

إِذْ قَالَ اللَّهُ يٰعِيسَى ابْنَ مَرْيَمَ
 اذْكُرْ نِعْمَتِي عَلَيْكَ وَعَلَىٰ وَالِدَتِكَ
 إِذْ أَيَّدْنَاكَ بِرُوحِ الْقُدُسِ تُكَلِّمُكَ
 النَّاسَ فِي الْمَهْدِ وَكَهْلًا وَإِذْ
 عَلَّمْنَاكَ الْكِتَابَ وَالْحِكْمَةَ
 وَالتَّوْرَةَ وَالْإِنْجِيلَ وَإِذْ تَخَلَّقُ مِنَ
 الطَّيْرِ كَهَيْئَةِ الطَّيْرِ بِإِذْنِي فَتَنْفُخُ
 فِيهَا فَتَكُونُ طَيْرًا بِإِذْنِي وَتُبْرِئُ
 الْأَكْمَةَ وَالْأَبْرَصَ بِإِذْنِي وَإِذْ
 تُخْرِجُ الْمَوْتَىٰ بِإِذْنِي وَإِذْ
 كَفَفْتُ بَنِي إِسْرَائِيلَ عَنْكَ
 إِذْ جِئْتَهُم بِالْبَيِّنَاتِ فَقَالَ الَّذِينَ
 كَفَرُوا مِنَّهُمْ إِنَّ هَذَا إِلَهٌ سِحْرٌ
 مُّبِينٌ ﴿١١٠﴾

ihahambing sa Iyong walang-hanggang kaalaman. Ang aming kaalaman ay kung ano lamang ang aming nakikita sa kanila at hindi ang lihim ng kanilang mga puso. Ikaw lamang ang nakababatid ng lahat ng bagay – lantad man o lihim. Kaya naman, kung ihahambing ang aming kaalaman sa Iyong Kaalaman, ito ay katulad ng wala kaming alam kahit anupaman.

pagsaksi ay higit na matapat kaysa sa kanila, at hindi kami lilihis (sa katotohanan), sapagka't kung magkaganoon, tiyak na kami ay mapapabilang sa mga makasalanan.”

108. Sa gayon, ito ang pinakamalapit (sa katotohanan) na ang pagsaksi nila (mga di-Muslim) ay maging tunay sa uri at anyo nito, o di kaya ay mabahala sila na ang panunumpa (ng iba) ay tatanggapin pagkaraan ng kanilang panunumpa. At magkaroon ng takot sa Allâh at makinig (nang may pagsunod sa Kanya). At hindi pinapatnubayan ng Allâh ang mga mapanghimagsik.

109. Sa Araw na sama-samang titipunin ng Allâh ang mga Sugo at sasabihin sa kanila: “Ano ang tugon na natanggap ninyo (sa inyong mamamayan hinggil sa inyong mga pangaral)?” Sila ay magsasabi: “Wala kaming kaalaman. Katotohanan, Ikaw lamang (O Allâh) ang Lubos na Maalam sa lahat ng nakakubli.”⁵⁶

ذَلِكَ أَذَىٰ أَنْ يَأْتُوا بِالشَّهَادَةِ عَلَىٰ
وَجْهِهَا أَوْ يَحَافُوا أَنْ تُرَدَّ أَيْمَانُ بَعْدَ
أَيْمَانِهِمْ ۚ وَاتَّقُوا اللَّهَ وَأَسْمِعُوا لِلَّهِ
يَهْدِي الْقَوْمَ الْفَاسِقِينَ ﴿١٠٨﴾

﴿١٠٩﴾ يَوْمَ يَجْمَعُ اللَّهُ الرُّسُلَ فَيَقُولُ
مَاذَا أُجِيبْتُمْ قَالُوا لَا عِلْمَ لَنَا إِنَّكَ
أَنْتَ عَلَّمَهُ الْغُيُوبِ ﴿١٠٩﴾

⁵⁶ Sinabi ng Allâh na titipunin Niyang lahat ng Sugo sa pagdating ng Araw ng Pagbabangong-Muli. Kanyang tatanungin kung ano ang pagtugon ng kani-kanilang mga nasyon hinggil sa mga katuruang ipinangaral nila. Kanilang sasabihin: “Wala kaming kaalaman.” Ang kasagutang ito ay nagpapakita lamang ng paggalang sa Allâh na ang ibig sabihin: Wala kaming kaalaman kung

ay naglalakbay sa kalupaan at ang sakuna ng kamatayan ay dumating sa inyo. Kapwa sila pigilin (ang mga magiging saksi) pagkatapos ng *Salâh*. At kung kayo ay may alinlangan (sa kanilang pagkamakatotohanan), hayaan silang kapwa manumpa sa Allâh (sa pagsasabi) ng: “Kami ay hindi naghahangad ng makamundong kapakinabangan dito, kahit na siya (ang tagapagmana) ay malapit naming kamag-anak. Hindi namin itatago ang pagsaksi ng Allâh, sapagka’t kung magkagayon, kami ay katiyakang mabibilang sa mga makasalanan.”⁵⁵

107. At kung sakaling matuklasang nagkasala ang dalawang ito (ng pandaraya o pagnanakaw sa yamang ipinamamana) hayaan ang dalawa pa upang manindigan bilang kapalit nila – dalawang pinakamalapit na kamag-anak na nag-aangkin ng karapatan (sa pamana). Hayaan silang manumpa sa Allâh (sa pagsasabi ng): “Aming paninindigan na ang aming

قُرْبَىٰ وَلَا نَكْتُمُ شَهَادَةَ اللَّهِ إِنَّا إِذَا
لَمِنَ الْأَيْمِينَ ﴿١٠٦﴾

فَإِنْ عُرِيَ عَلَيْهِ أَنَّهُمَا اسْتَحَقَّا إِثْمًا
فَتَاخَرَانِ يَوْمَئِذٍ مَّقَامَهُمَا مِنْ
الَّذِينَ اسْتَحَقَّ عَلَيْهِمُ الْأَوْلَئِينَ
فَيَقْسِمَانِ بِاللَّهِ لَشَهِدْنَا أَوْ
مِنْ شَهَدَتَيْهِمَا وَمَا اعْتَدَيْنَا إِنَّا إِذَا
لَمِنَ الظَّالِمِينَ ﴿١٠٧﴾

⁵⁵ Ang pagiging saksi ng mga di-Muslim mula sa *Dhimmis* (mga hindi Muslim na nasa proteksiyon ng pamahalaang Muslim) ay nararapat lamang kunin kapag ang Muslim na nagpapamana ay kasalukuyang naglalakbay at walang matagpuang Muslim upang sumaksi sa kanyang gagawing pamana. Binibigkas ng mga sasaksi ang “Hindi namin itatago ang pagsaksi ng Allâh.” bilang pagbibigay ng paggalang at pagpapahalaga sa katuturan ng pagsaksi. (At-Tabari 11:163-164)

nguni't inyong ipinagbawal).” Kani-
lang sinasabi: “Sapat na para sa amin
ang nakagisnan naming sinusunod
(na relihiyon at pamamaraan) ng
aming mga magulang,” kahit walang
anupamang kaalaman o patnubay
ang kanilang mga magulang (hinggil
sa katotohanan).

105. O kayong mananampalataya!
Pangalagaan ang inyong mga sarili.
Walang kapinsalaang maidudulot sa
inyo ang isang taong naligaw ng
landas kung inyong susundin ang
tamang patnubay. Ang pagbabalik
ninyong lahat ay sa Allâh, at pag-
katapos ay ipababatid Niya sa inyo
ang tungkol sa dati ninyong gina-
gawa.

106. O kayong mananampalataya!
Kapag ang sinuman sa inyo ay nala-
lapit na sa kamatayan, at kayo ay
gagawa ng pamana, magkagayo'y
kunin ang pagsaksi ng dalawang
makatarungang tao mula sa inyong
sariling lipi (sa Islam), o (kung
walang matagpuan, kumuha ng)
dalawa sa labas (ng lipi, halimbawa,
Angkan ng Kasulatan) kung kayo

يَعْلَمُونَ شَيْئًا وَلَا يَهْتَدُونَ ﴿١٠٤﴾

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا عَلَيْكُمْ أَنْفُسَكُمْ لَا
يُضُرِّكُمْ مَن ضَلَّ إِذَا أَهْتَدَيْتُمْ إِلَى
اللَّهِ مَرْجِعُكُمْ جَمِيعًا فَيُنَبِّئُكُمْ بِمَا
كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٠٥﴾

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا شَهَدَةُ بَيْنِكُمْ إِذَا
حَضَرَ أَحَدُكُمْ الْمَوْتُ حِينَ الْوَصِيَّةِ
أَنَّسَانِ ذَوَا عَدْلٍ مِنْكُمْ أَوْ آخَرَانِ مِنْ
غَيْرِكُمْ إِنْ أَنْتُمْ حَضَرْتُمْ فِي الْأَرْضِ
فَأَصَابَتْكُمْ مُصِيبَةُ الْمَوْتِ تَحْسَبُوهُمَا
مِن بَعْدِ الْفَسْخِ وَالْوَيْسَانِ بِاللَّهِ إِنْ
أَرْتَبْتُمْ لَا نُشْرِكُ بِهِ ذَاتًا وَلَا كَانَ ذَا

102. (Katunayan) nagtanong ng ganito ang (isang) pamayanang nauna sa inyo, at dahil dito sila ay naging di mananampalataya.

قَدْ سَأَلَهَا قَوْمٌ مِّن قَبْلِكُمْ ثُمَّ
أَصْبَحُوا بِهَا كَافِرِينَ ﴿١٠٢﴾

103. Ang Allâh ay hindi nagpa-simula ng mga bagay na katulad ng *Bahîrah*⁵¹, o *Sâ'ibah*⁵², o *Wasilah*⁵³, o *Hâm*⁵⁴. Nguni't kumatha ang mga di-sumasampalataya ng mga kasinungalingan laban sa Allâh, at karamihan sa kanila ay hindi nakauunawa.

مَا جَعَلَ اللَّهُ مِنْ بَعِيرٍ وَلَا سَابِعٍ وَلَا
وَصِيلَةٍ وَلَا حَامٍ وَلَكِنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا
يَقْتَرُونَ عَلَى اللَّهِ الْكَذِبَ وَأَكْثَرُهُمْ لَا
يَعْقِلُونَ ﴿١٠٣﴾

104. At nang sabihin sa kanila: “Halina kayo sa ipinahayag ng Allâh at sa Sugo ([Muhammad ﷺ] hinggil sa mga hatol na Kanyang ipinahintulot

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ تَسَالَوْا إِلَىٰ مَا أَنْزَلَ اللَّهُ
وَإِلَىٰ الرَّسُولِ قَالُوا حَسْبُنَا مَا وَجَدْنَا
عَلَيْهِ آبَاءَنَا أَوْلَاؤُا كَانَ ءَابَاؤُهُمْ لَا

huwag labagin ang mga ito. Nagbawal ng ilang mga bagay, kaya huwag gawin ang mga ito. At iniwan ang mga bagay na walang kapasiyahan hindi dahil sa nakaligtaan Niya ang mga ito bagkus dahil sa Kanyang Habag sa inyo, kaya huwag magtanong hinggil sa mga ito. (Al-Bukhari at Muslim) Sa isa pang Hadith hinggil sa paksang ito, si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: Iwanan ako kung paano ko kayo iniwan (tupdin lamang kung ano ang aking sinabi). Yaong mga nauna sa inyo ay nawasak dahil sa marami nilang katanungan at pakikipagtalo sa kanilang mga Propeta. (Imâm Muslim)

⁵¹ *Bahîrah*: Isang babaeng kamelyo na kusang piningas ang tainga bilang palatandaan na ang gatas nito ay inilalaan para sa kapakanan ng mga diyus-diyusan at walang sinumang pinahihintulutang gatasin dito.

⁵² *Sâ'ibah*: Isang babaeng kamelyo na pinakawalan upang malayang kumain sa pastulan para sa kanilang diyus-diyusan at walang anumang dapat ipabuhat dito.

⁵³ *Wasilah*: Isang babaeng kamelyo na pinakawalan para sa mga diyus-diyusan sapagka't ito ay nanganak ng babaeng kamelyo sa kanyang una at pangalawang panganganak.

⁵⁴ *Hâm*: Isang lalaking kamelyo na siyang ginagamit sa pagpapalahi na kapag nakalahi na ng sampu ay pinakawalan at hindi na maaaring pabuhatin o sakan.

100. Sabihin (O Muhammad ﷺ):
 “Hindi magkatulad ang *Khabîth*
 (lahat ng mga masasamang bagay,
 gawa, paniniwala, tao at pagkain) at
 ang *Tayyib* (lahat ng mabubuting
 bagay, gawa, paniniwala, tao at
 pagkain), kahit na nakabibighani sa
 inyo ang masaganang *Khabîth*.”
 Kaya magkaroon ng takot sa Allâh,
 O taong may pang-unawa upang
 kayo ay maging matagumpay.

قُلْ لَا يَسْتَوِي الْخَبِيثُ وَالطَّيِّبُ
 وَلَوْ أَعْجَبَكَ كَثْرَةُ الْخَبِيثِ فَاتَّقُوا
 اللَّهَ يَتَذَكَّرِ الْأَلْبَسِ لَعَلَّكُمْ
 تَفْلِحُونَ ﴿١٥٠﴾

101. O kayong mananampalataya!
 Huwag itanong ang mga bagay na
 kapag naging malinaw ang mga ito
 sa inyo ay maaaring makapagdulot ng
 ligalig sa inyo. Nguni't kung itata-
 nong ninyo ang tungkol sa mga ito
 habang ang *Qur'ân* ay ipinahahayag,
 ang mga ito ay gagawing malinaw
 sa inyo. Napatawad na ito ng Allâh,
 at ang Allâh ay Lagi nang Mapagpa-
 tawad, ang Lubos na Mapagpa-
 umanhin.⁵⁰

يَأْتِيهَا الْزَّيْتُ مَآمُوا لَا تَسْأَلُوا عَنْ
 أَشْيَاءَ إِنْ بُدِدَ لَكُمْ فَسُئِلْتُمْ وَإِنْ
 تَسْأَلُوا عَنْهَا حِينَ يُنزَّلُ الْقُرْآنُ بُدِدَ
 لَكُمْ عَفَا اللَّهُ عَنْهَا وَاللَّهُ غَفُورٌ
 حَلِيمٌ ﴿١٥١﴾

sa Kanya. Higit Siyang maawain sa paggawad ng Kanyang patawad kaysa parusahan sila sa kasalanang kanilang pinagsisihan. Binibigyang-babala ng Allâh ang tao sa pamamagitan ng pagsasabing walang tungkulin ang Propeta ﷺ malibang iparating ang Mensahe. Pagkaraan nito'y nasa Allâh na ang pagbibigay ng gantimpala sa mga tumalima at ang paggawad ng parusa sa mga tumalikod.

⁵⁰ Naitala nina Imâm Bukhari at Imâm Muslim na ang Propeta ﷺ ay nagsabi: *Ang Allâh ay nag-utos ng ilang tungkulin, kaya huwag isantabi ang mga ito. Nagtakda ng mga hangganan, kaya*

(*Dhul-Qa'dah, Dhul-Hijjah, Muhar-ram, at Rajab*) at ang mga hayop na iniaalay at ang mga nasasabitan ng kuwintas na bulaklak, upang inyong malaman na batid ng Allâh ang lahat ng nasa mga kalangitan at lahat ng nasa kalupaan, at (upang inyong malaman na) ang Allâh ay Lubos na Maalam sa bawa't isa at sa lahat ng bagay.⁴⁸

يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ
وَأَنَّ اللَّهَ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمٌ ﴿٤٧﴾

98. Dapat ninyong malaman na ang Allâh ay mahigpit sa pagpataw ng parusa (sa mga sumusuway sa Kanya), at (gayundin) ang Allâh ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Mahabagin.

اعْلَمُوا أَنَّ اللَّهَ شَدِيدُ الْعِقَابِ وَأَنَّ اللَّهَ عَزِيزٌ رَجِيمٌ ﴿٤٨﴾

99. Ang tungkulin ng Sugo (na si Muhammad ﷺ) ay upang maghatid (ng Mensahe). At batid ng Allâh ang lahat ng inyong inihahayag at ang lahat ng inyong itinatago.⁴⁹

مَا عَلَى الرَّسُولِ إِلَّا أَلْبَانٌ وَاللَّهُ يَعْلَمُ
مَا تُبْدُونَ وَمَا كُنتُمْ تَكْتُمُونَ ﴿٤٩﴾

⁴⁸ Ginawa ng Allâh ang *Ka'bah*, ang Sagradong Bagay, na isang kanlungan ng kaligtasan sa mga taong walang pinuno upang hadlangan ang mga malalakas sa pang-aabuso sa mga mahihina, upang pigilin ang mga masasama sa pang-aapi sa mga mabubuting tao, at ang pagsangalang sa naaapi laban sa mga mapang-api. Sa pagsagawa ng *Hajj*, ang mga iniaalay na hayop at mga taong nasasabitan ng mga bulaklak sa leeg ay nagsisilbing tanda ng kaligtasan sa kanila. Isang tradisyong iginagalang ng mga Arabo bago pa man dumating ang Islam sa kanila.

⁴⁹ Ang Allâh na may ganap na kaalaman sa anumang nasa mga kalangitan at sa kalupaan, na nababatid ang mga gawa ng tao maging ito ay lantad o lihim, ay mahigpit sa parusa sa sinumang sumuway at lumabag sa Kanya. Pinatatawad din Niya ang kasalanan ng sinumang tumalima at magsisi

dalawang makatarungang tao na nabibilang sa inyo. O dapat siyang magpakain ng mga dukha bilang kabayaran, o ang katumbas nito sa pag-aayuno, upang kanyang madama ang bigat ng kanyang ginawa. Pina-tawad ng Allâh kung ano ang naka-lipas, nguni't sinuman ang muling gumawa nito, igagawad ng Allâh ang parusa sa kanya. At ang Allâh ay Lubos na Makapangyarihan, Lubos na May-Kakayahan sa Pagpaparusa.

96. Ipinahihintulot sa inyo ang panghuhuli (ng isda) sa tubig (o sa dagat) at ang gamit nito bilang pag-kain para sa inyong kapakinabangan at sa mga naglalakbay. Nguni't ipi-nagbabawal ang pangangaso sa mga hayop sa lupa hangga't kayo ay nasa kalagayan ng *Ihrâm* (para sa *Hajj* o '*Umrah*'). At magkaroon ng takot sa Allâh kung Kanino kayo titipuning muli.

97. Ginawa ng Allâh ang *Ka'bah*, ang Sagradong Bahay, isang kan-lungan ng kaligtasan at kapakina-bangan para sa sangkatauhan. At gayundin ang mga Banal na Buwan

سَلَفًا وَمَنْ عَادَ فَيَنْقِمُ اللَّهُ مِنْهُ وَاللَّهُ
عَزِيزٌ ذُو انْتِقَامٍ ﴿٩٥﴾

أَحِلَّ لَكُمْ صَيْدُ الْبَحْرِ وَطَعَامُهُ مَتَاعًا
لَكُمْ وَلِلسَّيَّارَةِ وَمَحْرَمٌ عَلَيْكُمْ صَيْدُ
الْبَرِّ مَا دُمْتُمْ حُرُمًا وَاتَّقُوا اللَّهَ
الَّذِي إِلَيْهِ تُحْشَرُونَ ﴿٩٦﴾

﴿٩٧﴾ جَعَلَ اللَّهُ الْكَعْبَةَ الْبَيْتَ
الْحَرَامَ قِيَمًا لِلنَّاسِ وَالشَّهْرَ الْحَرَامَ
وَالْهُدَى وَالْقُرْآنَ ذَلِكَ لِيَتَعْلَمُوا أَنَّ اللَّهَ

94. kayong mananampalataya!
Katiyakang susubukan kayo ng
Allâh ng isang bagay (hinggil) sa
mga hayop na hinuhuli sa
pangangaso na sadyang kaya
ninyong abutin sa inyong mga
kamay at ng inyong mga sibat,
upang masubok ng Allâh kung sino
ang may takot sa Kanya (maging)
sa nakatago (man o nakalantad). At
sinumang lumabag pagkaraan nito,
sa kanya ay may masakit na parusa.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لِيَتْلُوَكُمُ اللَّهُ بِشَيْءٍ
مِّنَ الصِّدْقِ تَنَالَهُ أَيْدِيكُمْ وَرِمَاكُمْ
لِيَعْلَمَ اللَّهُ مَن يَخَافُهُ بِالْغَيْبِ فَمَن
أَعْتَدَىٰ بِمَدَدِكِ فَلَهُ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٩٤﴾

95. O kayong mananampalataya!
Huwag pumatay ng hayop (sa
pangangaso) habang kayo ay nasa
kalagayan ng *Ihrâm* (para sa *Hajj* o
'*Umrah*), at sinuman ang sadyang
pumatay nito, ang kabayaran ay isang
pag-aalay ng hayop, na dadalhin sa
Ka'bah, na katumbas ng kanyang
pinatay ayon sa napagpasiyahan ng

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَقْتُلُوا الصِّدْقَ
وَأَنْتُمْ حُرْمٌ وَمَن قَتَلَهُ مِنْكُمْ مُّتَعَمِّدًا
فَجَزَاءٌ مِّثْلُ مَا قَتَلَ مِنَ النَّعْمِ يَحْكُمُ بِهِ
ذُو عَدْلٍ بَيْنَكُمْ هَدْيًا بَلِغَ الْكَعْبَةِ أَوْ
كَفَّارَةً طَعَامًا مَسْكِينٍ أَوْ عَدْلٌ ذَلِكَ
صِيَامًا لِّذَوْقِ وَبَالَ أَمْرِهِ عَفَا اللَّهُ عَنَّا

pagkalasing hanggang sa (dumating ang kalagayang) maunawaan ninyo (ang kahulugan) ng inyong binibigkas. Kaya naman, ang mga tao ay ginawa nilang uminom nang higit na maaga bago dumating ang pagdarasal upang sa gayo'y mawala ang kanilang kalasingan bago sumapit ang oras ng pagdarasal. Isang mahigpit na talata ang ipinahayag ng Allâh pagkaraan nito, ang talata 90 at 91 na nasa itaas. Kaya sila ay nagsabi: O Allâh, kami ay magsisipagtigil na! Pagkaraan, may ilang tao ang nagtanong: O Sugo ng Allâh, ang ilan sa amin ay namatay na habang sila'y uminom ng alak at nagsusugal – na ayon sa Allâh ay mga gawain ni Satanas? Sa gayon ay ipinahayag ng Allâh ang talata 93 sa itaas: Yaong mga mananampalataya at gumagawa ng mabubuti, wala silang pagkakasala sa anumang kanilang nakain (noong nakaraan), kung sila ay may takot sa Allâh at nananampalataya at gumagawa ng mabubuti...

tumalikod (sa kautusan), dapat nin-yong malaman na tungkulin ng Aming Sugo ﷺ na iparating lamang (ang Mensahe) sa pinakamaliwanag na paraan.⁴⁶

93. Yaong mga mananampalataya at gumagawa ng mabubuti, wala silang pagkakasala sa anumang kani-lang nakain (noong hindi pa ipinag-bawal ang alak at sugal), kung sila ay may takot (sa Allâh) at nanam-palataya at gumawa ng mabuti, at (sa muli) kung sila ay may takot (sa Allâh) at nanampalataya at gumawa ng mabuti, at (sa muli) kung sila ay may takot at nagpakabuti. (Tunay na) Minamahal ng Allâh ang mga nagpakabuti.⁴⁷

لَيْسَ عَلَى الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا
الصَّالِحَاتِ جُنَاحٌ فِيمَا طَعِمُوا إِذَا مَا
أَتَقَوْا وَءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ ثُمَّ
أَتَقَوْا وَءَامَنُوا ثُمَّ أَتَقَوْا وَءَامَنُوا
وَأَحْسَنُوا وَاللَّهُ يُحِبُّ
الْحَسِينَاتِ ﴿٩٣﴾

⁴⁶ Binibigyang-babala ng Allâh ang tao sa pamamagitan ng pagsasabing walang tungkulin ang Propeta ﷺ malibang iparating ang Mensahe. Pagkaraan nito'y nasa Allâh na ang pagbibigay ng gantimpala sa mga tumalima at paggawad ng parusa sa mga tumalikod.

⁴⁷ Naitala ni Imaam Ahmad na si Abu Hurayrah ay nagsabi: May tatlong yugto ang pagbabawal ng *Khamr* (nakalalasing at nakalalango). Noong lumikas si Propeta Muhammad ﷺ patungong *Medina*, ang mga tao ay umiinom ng alak at nagsusugal, kaya tinanong siya hinggil sa mga ito. Ipinahayag ng Allâh ang talata 219 ng kabanata Al-Baqarah: *Tinatanong ka nila tungkol sa Khamr (nakalalasing) at Maysir (sugal). Sabihin: Sa mga ito ay may malaking kasalanan at may ilang kapakinabangan sa tao. Nguni't ang kasalanan ay higit kaysa sa kapakinabangan.* Ang mga tao ay nagsabi: *Ang alak at sugal ay hindi ipinagbawal sa atin.* Kaya sila ay nagpatuloy sa pag-inom ng alak. Isang araw sa oras ng *Salâh* ng *Magrib*, ang nangunguna (Imaam) sa pagdarasal ay nagkamali-mali at nagkahalo-halo ang kanyang pagbabasa ng isang talata ng Quráan. Pagkaraan nito ay ipinahayag ng Allâh ang talata 43 ng Kabanata An-Nisaa': *O kayong nananampalataya! Huwag magtungo sa Salâh (pagdarasal) kung kayo ay nasa kalagayan ng*

90. O kayong mananampalataya! Ang *Khamr* (lahat ng bagay na nakalalasing)⁴⁴, at ang *Maysir* (sugal), at ang *Ansâb* (mga hayop na iniaalay sa mga diyus-diyusan), at ang *Azlâm* (palasong ginagamit sa pagpapasiya) ay pawang mga karumal-dumal na gawain ni Satanas. Kaya iwasan ang mga ito upang kayo ay maging matagumpay.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِنَّمَا الْخَمْرُ وَالْمَيْسِرُ
وَالْأَنْصَابُ وَالْأَزْلَامُ رِجْسٌ مِّنْ عَمَلِ
الشَّيْطَانِ فَأَجْتَنِبُوهُ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٩٠﴾

91. Nais lamang ni Satanas ang maghasik ng poot at suklam sa pagitan ninyo sa (pamamagitan ng) *Khamr*⁴⁵ (mga inuming nakalalasing) at *Maysir* (sugal), at upang pigilin kayo sa pag-alaala sa Allâh at sa pagdarasal. Magkagayon, hindi ba kayo magsisipag-iwas?

إِنَّمَا يُرِيدُ الشَّيْطَانُ أَنْ يُوقِعَ بَيْنَكُمُ
الْعَدَاوَةَ وَالْبَغْضَاءَ فِي الْخَمْرِ وَالْمَيْسِرِ
وَيَصُدَّكُمْ عَن ذِكْرِ اللَّهِ وَعَنِ الصَّلَاةِ فَهَلْ
أَنتُمْ مُنْتَهُونَ ﴿٩١﴾

92. At sundin ang Allâh at sumunod sa (Kanyang) Sugo (Muhammad ﷺ), at mag-ingat (at umiwas sa mga ipinagbawal). At kung kayo ay

وَأَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ وَأَحْذَرُوا فَإِن
تَوَلَّيْتُمْ فَأَعْلَمُوا أَنَّمَا عَلَى رَسُولِنَا الْبَلَاغُ
الْمُبِينُ ﴿٩٢﴾

⁴⁴ Naitala ni Imaam Muslim na si Ibn Omar ay nagsalaysay na si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: *Lahat ng nakalalasing (nakalalango) ay Khamr, at ang lahat ng nakalalasing ay bawal...* (Muslim)

⁴⁵ Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: *Isinumpa ang Khamr, at gayundin ang sinumang umiinom nito, naghahain nito, nagtitinda nito, bumibili nito, nagdadala nito, nagpapadala nito, nagluluto (gumagawa) nito, nagpapagawa nito, at gumagamit sa kinita mula sa pagtitinda nito.* (Abu Dawud)

88. At kumain ng mga bagay na ipinagkaloob ng Allâh sa inyo, ipinahintulot at mabuti. At matakot sa Allâh kung Kanino kayo naniniwala.

89. Hindi kayo parurusahan ng Allâh sa inyong mga binibitiwang sumpa nang hindi sinasadya, nguni't parurusahan Niya kayo sa inyong mga sinasadyang sumpa. Ang kabayaran nito ay magpakain ng sampung mga dukha, sa katamtamang sukat na ipinakakain ninyo sa inyong mga pamilya; o bihisan sila; o magpalaya ng isang alipin. At sinumang hindi kayang gawin alinman dito, magkagayo'y kailangan siyang mag-ayuno ng tatlong araw. Iyon ang kabayaran para sa mga sinasadyang sumpa kapag kayo ay nanumpa. At pangalagaan ang inyong mga sumpa. Sa ganito ginagawang maliwanag ng Allâh ang Kanyang mga Talata upang kayo ay maging mapagpasalamat.

وَكُلُوا مِنَّا رِزْقَكُمْ اللَّهُ حَلَالًا طَيِّبًا
وَاتَّقُوا اللَّهَ الَّذِي أَنْتُمْ بِهِ
مُؤْمِنُونَ ﴿٨٨﴾

لَا يُؤَاخِذُكُمُ اللَّهُ بِالْفِعْوِ فِي آيَاتِكُمْ
وَلَكِنْ يُؤَاخِذُكُمْ بِمَا عَقَّدْتُمُ الْأَيْمَانَ
فَكَفَرْتُمُوهُ إِطْعَامَ عَشْرَةِ مَسْكِينٍ مِنْ
أَوْسَطِ مَا تَطْعَمُونَ أَهْلِيكُمْ أَوْ
كِسْوَتُهُمْ أَوْ تَحْرِيرُ رَقَبَةٍ فَمَنْ لَمْ
يَجِدْ فَوْسِيَامًا ثَلَاثَةَ أَيَّامٍ ذَلِكَ كَفْرَةٌ
أَيَّمَانِكُمْ إِذَا حَلَفْتُمْ وَاحْفَظُوا
أَيْمَانَكُمْ كَذَلِكَ يَبَيِّنُ اللَّهُ لَكُمْ آيَاتِهِ
لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٨٩﴾

84. “At bakit hindi kami maniniwala sa Allâh at sa katotohanang dumating sa amin? At ninanais naming tatanggapin kami ng aming Panginoon (sa Paraiso) kasama ng mga matutuwid.”

وَمَا لَنَا لَا نُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَمَا جَاءَنَا مِنَ
الْحَقِّ وَنَطْمَعُ أَنْ يُدْخِلَنَا رَبُّنَا مَعَ
الْقَوْمِ الصَّالِحِينَ ﴿٨٤﴾

85. At dahil sa mga sinabi nila, ginantimpalaan sila ng Allâh ng mga Hardin (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na umaagos. Na sila ay mananahanan doon magpakailanman. Ganito ang gantimpala sa mga magpaggawa ng kabutihan.

فَأَنبَهُهُ اللَّهُ بِمَا قَالُوا جَنَّاتٍ تَجْرِي
مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا
وَذَلِكَ جَزَاءُ الْمُحْسِنِينَ ﴿٨٥﴾

86. Nguni't yaong tumanggi sa pananampalataya at pinasinungalingan ang Aming mga Tanda, sila ang mga mananahanan sa Apoy (Impiyerno).

وَالَّذِينَ كَفَرُوا وَكَذَّبُوا بِآيَاتِنَا
أُولَٰئِكَ أَصْحَابُ الْجَحِيمِ ﴿٨٦﴾

87. O kayong mananampalataya! Huwag ipagbawal ang mga mabubuting bagay na ipinahintulot ng Allâh sa inyo. At huwag magsipaglabag. Katotohanan, hindi naiibigan ng Allâh ang mga lumalabag.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَا تَحْرِمُوا طَيِّبَاتِ
مَا أَحَلَّ اللَّهُ لَكُمْ وَلَا تَسُدُّوا أَرْكَ
اللَّهِ لَا يُحِبُّ الْمُعْتَدِينَ ﴿٨٧﴾

82. (Katotohanan), inyong mata-tagpuan sa mga taong may matinding pagkapoot sa mga mananampalataya ay ang mga Hudyo⁴² at yaong mga sumasamba sa mga diyus-diyusan. At inyong matatagpuan ang pinakamalapit sa pagmamahal sa mga mananampalataya ay yaong nagsasabing: “Katotohanan! Kami ay mga Kristiyano.” Ito ay dahil kabilang sa kanila ay mga pari at monghe, at sila ay hindi mapagmalaki.⁴³

83. At kapag sila ay nakikinig sa ipinahayag sa Sugo (Muhammad ﷺ), inyong makikita ang kanilang mga mata na nag-uumapaw sa luha dahil sa katotohanang kanilang nakilala (at tinatanggap). Sila ay nagsasabing: “Panginoon namin! Kami ay naniniwala, kaya itala kami na kabilang sa mga saksi.”

لَتَجِدَنَّ أَشَدَّ النَّاسِ عَدَاوَةً
لِلَّذِينَ ءَامَنُوا الْيَهُودَ وَالَّذِينَ
أَشْرَكُوا وَلَتَجِدَنَّ أَقْرَبَهُم مَّوَدَّةً
لِلَّذِينَ ءَامَنُوا الَّذِينَ قَالُوا إِنَّا
نُصَلِّئُكَ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ
فَتَنِيصِيكَ وَوَهَبْنَا وَإِنَّهُمْ لَا
يَسْتَكْبِرُونَ ﴿٨٢﴾

وَإِذَا سَمِعُوا مَا أُنزِلَ إِلَى الرَّسُولِ تَرَىٰ
أَعْيُنُهُمْ تَفِيضُ مِنَ الدَّمْعِ وَمَا
عَرَفُوا مِنْ الْحَقِّ يَقُولُونَ رَبَّنَا ءَامَنَّا
فَاكْتَبْنَا مَعَ الشَّاهِدِينَ ﴿٨٣﴾

⁴² Isang paglalarawan sa mga Hudyo, sapagka't ang kanilang kawalan ng pananampalataya ay dahil sa mga panghihimagsik, pagsuway, pagsalungat sa katotohanan, pagmamaliit ng kapuwa, at paghamak sa mga paham. Dahil dito'y pinagpapatay nila ang karamihan sa kanilang mga Propeta, at tinangka rin nilang patayin si Propeta Muhammad ﷺ nang maraming beses. Maliban pa rito'y kanilang hinihimok ang mga katulad nila mula sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan na salungatin at labanan ang Propeta ﷺ.

⁴³ Ito ay nauukol sa mga tagasunod ni Hesus at sa 'Injil (Ebanghelyo ni Hesus). Ang mga taong ito ay pangkaraniwang higit na mapagpahintulot sa Islam at sa mga Muslim dahil sa habag at kabaitan sa kanilang puso na nakamit nila sa pamamagitan ng ilang bahagi ng dalang mensahe ni Propeta Hesus.

79. Sila'y dati nang hindi nagbawal sa isa't isa sa kasamaang kanilang ginawa. Tunay na napakasama ng kanilang ginagawa noon.

كَانُوا لَا يَتَنَاهَوْنَ عَنْ
مُذَكَّرٍ فَعَلُوهُ لَبِئْسَ مَا
كَانُوا يَفْعَلُونَ ﴿٧٩﴾

80. Iyong makikita na ang karamihan sa kanila ay kinukuhang 'Auliyâ' (kapanalig, tagapagtanggol, tagatulong) ang *Kuffâr* (mga sumasamba sa mga diyus-diyusan). Sadyang napakasama ang (mga gawaing) ipinakita nila na ikinapoot ng Allâh sa kanila, at sa kaparusahan sila mananatili.⁴¹

تَكَرَّرَ كَثِيرًا مِنْهُمْ يَتَوَلَّوْنَ
الَّذِينَ كَفَرُوا لَبِئْسَ مَا قَدَّمَتْ لَهُمْ
أَنْفُسُهُمْ أَنْ سَخِطَ اللَّهُ عَلَيْهِمْ وَفِي
الْعَذَابِ هُمْ خَالِدُونَ ﴿٨٠﴾

81. At kung naniwala lamang sila (nang may katapatan) sa Allâh, at sa Propeta (Muhammad ﷺ), at sa ipinahayag sa kanya (ang *Qur'ân*), kailanma'y hindi nila kinuha sila (*Kuffâr* [mga sumasamba sa mga diyus-diyusan]) bilang 'Auliyâ' (kapanalig, tagapagtanggol at tagatulong). Nguni't karamihan sa kanila ay mga (taong) mapanghimagsik.

وَلَوْ كَانُوا يُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ
وَالْيَوْمِ وَمَا أَنْزَلْنَا إِلَيْهِ مَا
اتَّخَذُوهُمْ آوِيَّةً وَلَكِنَّ كَثِيرًا
مِنْهُمْ فَانْسِفُونَ ﴿٨١﴾

⁴¹ Ang talatang ito ay nauukol sa mga mapagkunwari sa pagbibigay nila ng katapatan at pagtaguyod sa mga di nananampalataya sa halip na ibigay ito sa mga mananampalataya. Ang kasamaang ito ang nagdala sa kanila sa poot ng Allâh na mananatili sa kanila hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

(sa lahat ng inyong sinasabi), ang Lubos na Maalam (sa lahat ng inyong ginagawa).”

77. Sabihin (O Muhammad ﷺ): “O Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano)! Huwag lumagpas sa hangganan ng inyong pananampalataya hinggil sa katotohanan, at huwag sumunod sa mga walang kabuluhang hangarin ng mga taong nangaligaw noon (sanhi ng kanilang pagmamalabis) at iniligaw ang karamihan, at inilihis (ang kanilang sarili) sa Tuwid na Landas.”

78. Yaong mga di nananampalataya mula sa Angkan ng Israel ay isinumpa (sa pamamagitan) ng dila ni Dawud (David) at (ng dila) ni ‘Īsâ (Hesus) na anak ni Maryam (Maria). Iyon ay sa dahilang sila ay sumuway (sa Allâh at sa mga Sugo) at lagi nang lumalabag (sa hangganan).⁴⁰

قُلْ يَا أَهْلَ الْكِتَابِ لَا تَغْلُوا فِي
دِينِكُمْ غَيْرَ الْحَقِّ وَلَا تَتَّبِعُوا
أَهْوَاءَ قَوْمٍ قَدْ ضَلُّوا مِنْ قَبْلُ
وَأَضَلُّوا كَثِيرًا وَضَلُّوا عَنْ سَوَاءِ
السَّبِيلِ ﴿٧٧﴾

لُعِنَ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ بَنِي
إِسْرَائِيلَ عَلَى لِسَانِ دَاوُدَ وَعِيسَى
ابْنِ مَرْيَمَ ذَلِكَ بِمَا عَصَوْا
وَكَانُوا يَمْتَدُونَ ﴿٧٨﴾

⁴⁰ Matagal nang isinumpa ng Allâh ang mga di sumasampalataya sa mga Angkan ng Israel. Ang katotohanang ito ay ipinahayag sa Kanyang mga Propeta na sina David at Hesus. Sila ay Kanyang isinumpa sa kanilang pagsuway sa Kanya at pagmamalabis laban sa Kanyang mga nilikha. Naitala ni Al-‘Awfi na si Ibn ‘Abbas ay nagsabi: “Isinumpa sila sa Torah, sa Ebanghelyo, sa Psalmo at sa Furqan (*Qur ‘ân*).”

sa kanila.

74. Hindi ba sila magsisisi sa Allâh at humingi ng Kanyang Kapatawaran? Sapagka't ang Allâh ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Mahabagin.

أَفَلَا يَتُوبُونَ إِلَى اللَّهِ وَيَسْتَغْفِرُونَ
وَاللَّهُ غَفُورٌ رَحِيمٌ ﴿٧٤﴾

75. Ang Messiah [‘Īsâ (Hesus)], na anak ni Maryam (Maria), ay hindi hihigit sa isang Sugo, (katulad ng) maraming Sugong nagsipanaw na nauna sa kanya. Ang kanyang ina (Maryam [Maria]) ay isang *Siddiqah* (naniniwala sa Salita ng Allâh nang may lubos na tiwala). Kapwa sila kumakain.³⁹ Masdan kung paano Namin ginagawang malinaw ang mga Talata sa kanila. Sa kabila nito’y masdan kung paano sila nangaligaw (sa katotohanan).

مَا الْمَسِيحُ ابْنُ مَرْيَمَ إِلَّا رَسُولٌ
قَدْ خَلَتْ مِنْ قَبْلِهِ الرُّسُلُ وَأُمُّهُ
صِدِّيقَةٌ كَانَا يَأْكُلَانِ
الطَّلْعَامَ أَنْظُرْ كَيْفَ بُنِيَ
لَهُمُ الْآيَاتِ ثُمَّ أَنْظُرْ أَنَّ
يُؤْفَكُونَ ﴿٧٥﴾

76. Sabihin (O Muhammad ﷺ): “Paano kayo sasamba bukod pa sa Allâh ng anumang walang kaka-yahang makapagdulot ng pinsala, ni hindi makapagbigay ng kapakinabangan sa inyo? Nguni’t ang Allâh ang Siyang Lubos na Nakaririnig

قُلْ أَتَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ مَا لَا
يَسْعَى لَكُمْ ضَرًّا وَلَا نَفْعًا وَاللَّهُ
هُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ ﴿٧٦﴾

³⁹ Ipinahayag ng Allâh na sina Hesus at ang kanyang ina ay kapuwa nangangailangan ng pagkain at tumutugon sa tawag ng kalikasan katulad ng sino pa mang tao. Sa kabila ng ganitong napakalinaw na paliwanag, patuloy pa rin ang maraming Kristiyano sa lihis nilang paniniwala na sina Hesus at Maria ay may angking pagka-diyos at sila ay patuloy nilang sinasamba.

72. Katiyakan, naging di nananam-palataya ang sinumang nagsasabing: “Ang Allâh ay ang Messiah [‘Īsâ (Hesus)] na anak ni Maryam (Maria).” Sa katunayan, ang Messiah [‘Īsâ (Hesus)] ay nagsabi: “O Angkan ng Israel! Sambahin ang Allâh, ang aking Panginoon at inyong Panginoon.” Katotohanan, sinumang magtayo ng katambal (sa pagsamba) sa Allâh, magkagayo’y ipinagbawal sa kanya ng Allâh ang Paraiso, at ang Apoy (Impiyerno) ang kanyang magiging tahanan. At walang mga tagatulong para sa mga mapaggawa ng masama.

لَقَدْ كَفَرَ الَّذِينَ قَالُوا إِنَّ
 اللَّهَ هُوَ الْمَسِيحُ ابْنُ مَرْيَمَ وَقَالَ
 الْمَسِيحُ يَنْبِيُّ إِسْرَائِيلَ اتَّبِعُوا
 اللَّهَ رَبِّي وَرَبَّكُمْ إِنَّهُ مَنْ يُشْرِكْ
 بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ
 وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ
 أَنْصَارٍ ﴿٧٢﴾

73. Katiyakan, naging di nananam-palataya ang sinumang nagsasabing: “Ang Allâh ay ikatlo sa tatlo.”³⁸ Sa katunayan, walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Isang ‘Ilâh (Allâh). At kung hindi sila titigil sa kanilang sinasabi, katotohanan, isang napakasakit na parusa ang malalasap ng mga di nananampalataya

لَقَدْ كَفَرَ الَّذِينَ قَالُوا إِنَّكَ
 تَالِثُ ثَلَاثَةٍ وَمَا مِنْ إِلَهٍ إِلَّا إِلَهُ
 وَاحِدٌ وَإِنْ لَمْ يَنْتَهُوا عَمَّا يَقُولُونَ
 لَيَمَسَّنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْهُمْ
 عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٧٣﴾

³⁸ “Ang Allâh ay ikatlo sa tatlo.” Ang pahayag na ito ay nauukol sa mga Kristiyano na naniniwala sa doktrina ng Trinidad, na ang diyos ay may tatlong persona. Sinumang maniwala rito ay itinakwil niya ang Pahayag na ipinadala ng Allâh kay Hesus at kay Muhammad ﷺ at maging sa iba pang naunang mga Propeta.

(sa Kabilang Buhay).

70. Katotohanan, Aming tinanggap ang tipan ng mga Angkan ng Israel at nagpadala ng mga Sugo sa kanila. Sa tuwing may dumating na Sugo sa kanila na may dalang hindi nila ninanais, – tinawag nilang mga sinungaling ang isang pangka't sa kanila (mga Sugo), at ang iba naman (sa mga Sugo) ay kanilang pinagpapatay.

71. At ang akala nila ay walang pagsubok (o kaparusahan) na darating, kaya sila ay naging bulag at bingi (sa katotohanan). Nguni't pagkaraan nito ay nilingon sila ng Allâh (nang may kapatawaran). Gayon pa man marami sa kanila ang naging bulag at bingi (sa katotohanan). At ang Allâh ang Lubos na Nakakikita sa anumang kanilang ginagawa.

لَقَدْ أَخَذْنَا مِيثَاقَ بَنِي إِسْرَائِيلَ
وَأَرْسَلْنَا إِلَيْهِمُ رُسُلًا كَمَا
جَاءَهُمْ رَسُولًا بِمَا لَا تَهْوَى
أَنْفُسُهُمْ فَرِيقًا كَذَّبُوا وَفَرِيقًا
يَقْتُلُونَ ﴿٧٠﴾

وَحَسِبُوا أَلَّا تَكُونَ فِتْنَةً فَعَمُوا
وَوَسَّوْا ثُمَّ تَابَ اللَّهُ عَلَيْهِمْ ثُمَّ

عَمُوا وَصَّوْا كَثِيرٌ مِنْهُمْ وَاللَّهُ
بَصِيرٌ بِمَا يَعْمَلُونَ ﴿٧١﴾

pinapatnubayan ng Allâh ang mga taong hindi sumasampalataya.

68. Sabihin (O Muhammad ﷺ): “O Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano)! Wala kayong anupaman (kahit katiting na pananampalataya) hangga’t hindi kayo sumunod sa *Tawrah* (Torah), at sa *Injil* (Ebanghelyo), at sa ipinadala sa inyo (ngayon – ang *Qur’ân*) mula sa inyong Panginoon.” Katotohanan, ang Kapahayagang dumating sa iyo (O Muhammad ﷺ) mula sa iyong Panginoon (Allâh) ay lalong nagpalala sa karamihan sa kanila sa paghihimagsik at kawalan ng pananampalataya. Magkagayon! Huwag malumbay sa mga taong di nanampalataya.

69. Katiyakan, yaong mga (sumunod at) naniwala (sa Banal na *Qur’ân*), at yaong mga Hudyo (na naniwala at sumunod sa *Tawrah*), at ang mga Sabyan, at ang mga Kristiyano (na naniwala at sumunod sa *Injil*) – sinuman sa kanila ang naniwala sa Allâh at sa Huling Araw, at gumawa ng kabutihan, sa kanila ay walang pangamba at kalungkutan

قُلْ يَا أَهْلَ الْكِتَابِ لَسْتُمْ عَلَىٰ شَيْءٍ
حَقًّا تُقِيمُوا التَّوْرَةَ وَالْإِنْجِيلَ وَمَا
أُنزِلَ إِلَيْكُمْ مِنْ رَبِّكُمْ وَلَئِيذَك
كَثِيرًا مِنْهُمْ مَا أُنزِلَ إِلَيْكَ مِنْ رَبِّكَ
مُطْفِئِينَ وَكُفْرًا فَلَا تَأْسَ عَلَى الْقَوْمِ
الْكَافِرِينَ ﴿٦٨﴾

إِنَّ الَّذِينَ ءَامَنُوا وَالَّذِينَ هَادُوا
وَالصَّالِحِينَ وَالصَّابِرِينَ مَنْ ءَامَنَ بِاللَّهِ
وَالْيَوْمِ الْآخِرِ وَعَمِلَ صَالِحًا فَلَا
خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٦٩﴾

65. At katotohanan! Kung ang Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) ay naniwala lamang (sa iyo O Muhammad ﷺ) at nagkaroon ng *Taqwâ* (takot) sa Allâh, tunay na Aming papawiin ang mga kasalanan nila at tatanggapin sila sa mga Hardin ng Kasiyahan (sa Paraiso).

وَلَوْ أَنَّ أَهْلَ الْكِتَابِ ءَامَنُوا
وَأَتَقُوا لَكَفَرْنَا عَنْهُمْ سِيَئَاتِهِمْ
وَأَكْذَبْنَاهُمْ جَنَّتِ النَّعِيمُ ﴿٦٥﴾

66. At katotohanan! Kung sinunod lamang nila ang *Tawrâh* (Batas), at ang '*Injil* (Ebanghelyo), at ang ipinadala (ngayon) sa kanila (ang *Qur'ân*) mula sa kanilang Panginoon, tiyak na sila ay makatatanggap ng biyaya mula sa itaas nila (langit) at mula sa ilalim ng kanilang mga paa (lupa). Sa kanila'y may pamayanang nasa tamang landas (na sinusunod ang katuruan ng Batas [*Torah*]), nguni't karamihan sa kanila ay gumagawa ng kasamaan.

وَلَوْ أَنَّهُمْ آفَاقُوا التَّوْرَةَ وَالْإِنجِيلَ
وَمَا أُنزِلَ إِلَيْهِمْ مِنْ رَبِّهِمْ لَأَكْفُرُوا
مِنْ فَوْقِهِمْ وَمِنْ تَحْتِ أَرْجُلِهِمْ مِنْهُمْ
أُمَّةٌ مُّقْتَصِدَةٌ وَكَثِيرٌ مِنْهُمْ سَاءَ مَا
يَعْمَلُونَ ﴿٦٦﴾

67. O Sugo ﷺ! Iparating ang anumang ipinahayag sa iyo mula sa iyong Panginoon. At kung hindi mo (ito) maisagawa, samakatuwid hindi mo naiparating ang Kanyang Mensahe. At pangangalagaan ka ng Allâh (laban sa panganiib) mula sa sangkatauhan. Katotohanan, hindi

﴿٦٧﴾ يَا أَيُّهَا الرَّسُولُ بَلِّغْ مَا أُنزِلَ
إِلَيْكَ مِنْ رَبِّكَ وَإِنْ لَمْ تَفْعَلْ مَا
بَلَّغْتَ رِسَالَتَهُ وَاللَّهُ يَفْصِلُ
بَيْنَ النَّاسِ إِنْ أَرَادَ اللَّهُ لَا يَهْدِيَ الْقَوْمَ
الْكَافِرِينَ ﴿٦٧﴾

64. At sinasabi ng mga Hudyo: “Ang kamay ng Allâh ay nakagapos.” Maigapos nawa ang kanilang mga kamay, at mapasakanila ang sumpa dahil sa kanilang mga pinagsasabi (na hindi gumugugol para sa kanila ang Allâh ng anuman mula sa Kanyang biyaya). O hindi! Bagkus bukas (at) nangakalahad nang malawak ang dalawa Niyang Kamay. Siya ay gumugugol nang ayon sa Kanyang naisin. Katotohanan, ang Kapahayagang dumating sa iyo (O Muhammad ﷺ) mula sa iyong Panginoon (Allâh) ay lalong nagpalala sa karamihan sa kanila sa paghihimagsik at kawalan ng pananampalataya. Aming inilagay sa pagitan nila ang pagkasuklam at pagkapoot (sa isa’t isa) hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Sa tuwing pinagniningas nila ang apoy ng digmaan (laban sa Propeta ﷺ), pinapawi ito ng Allâh; at sila ay lagi nang nagsusumikap sa paggawa ng kasamaan sa kalupaan. At hindi mamahalin ng Allâh ang *Mufsidûn* (mga gumagawa ng kasamaan).

وَقَالَتِ الْيَهُودُ يَدُ اللَّهِ مَغْلُولَةٌ غُلَّتْ
 أَيْدِيَهُمْ وُلِّمُوا بِمَا قَالُوا بَلْ يَدَاهُ
 مَبْسُوطَتَانِ يُفِيقُ كَيْفَ يَشَاءُ
 وَلَنُزِّلَ عَلَيْكَ كِتَابًا مِّنْهُم مَّا أُنزِلَ إِلَيْكَ
 مِن رَّبِّكَ طُفِينًا وَكُفِّرُوا وَالْقَيْنَا بَيْنَهُم
 الْعَدَاوَةَ وَالْبَغْضَاءَ إِلَى يَوْمِ الْقِيَامَةِ
 كُلَّمَا أَوْقَدُوا نَارًا لِلْحَرْبِ أَطْفَأَهَا اللَّهُ
 وَيَسْعَوْنَ فِي الْأَرْضِ فَسَادًا وَاللَّهُ لَا
 يُحِبُّ الْمُفْسِدِينَ ﴿٦٤﴾

higit na malayo ang pagkaligaw sa Matuwid na Landas.”

61. Kapag sila ay dumating sa inyo, sila’y nagsasabi: “Kami ay naniwala.” Nguni’t ang katotohana’y pumapasok silang hindi naniniwala at ganoon din naman sa kanilang paglabas. Batid ng Allâh ang lahat ng kanilang inililihim.

62. At iyong makikita na karamihan sa kanila ay nagpapaligsahan (nagmamadali) sa (paggawa ng) kasalanan at pagsuway, at kumakain ng mga ipinagbabawal na mga bagay. Sadyang napakasama ang kanilang ginagawa.

63. Bakit nga ba hindi sila pagbawalan ng mga *Rabbi* (maaalam na may katungkulan) at mga ‘*Ahbâr* (paham sa kanila) sa pagsasabi ng mga masasamang salita at sa pagkain ng mga bagay na ipinagbabawal. Sadyang napakasama ang kanilang ginagawa (sa di pagganap sa kanilang tungkulin).

وَإِذَا جَاءُوكُمْ قَالُوا آمَنَّا وَقَدْ دَخَلُوا
بِالْكَفْرِ وَهُمْ قَدْ خَرَجُوا بِهِ وَاللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا
كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿١١﴾

وَرَأَى كَثِيرًا مِنْهُمْ يُسْرِعُونَ فِي الْآثِمِ
وَالْعُدْوَانِ وَأَكْلِهِمُ الشَّحْتِ لَيْسَ مَا
كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿١٢﴾

لَوْلَا يَنْهَاهُمُ الرَّبَّيُّونَ وَالْأَحْبَارُ عَنِ
قَوْلِهِمُ الْآثِمَ وَأَكْلِهِمُ الشَّحْتِ
لَيْسَ مَا كَانُوا يَصْنَعُونَ ﴿١٣﴾

Allâh kung kayo nga ay tunay na mananampalataya.

58. At kapag inyong ipinahahayag ang ('*Adhân*) panawagan para sa *Salâh*, ginagawa nila itong tampulan ng pangungutya at katatawanan, ito ay sa dahilang sila ay mga taong hindi nakauunawa.

59. Sabihin: "O Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano)! Kami ba ay inyong pinipintasan nang walang kadahilanan maliban na kami ay naniniwala sa Allâh, o kaya'y hinggil sa ipinadala sa amin at sa naunang ipinadala noon, at dahil ba sa karamihan sa inyo ay mga mapanghimagsik?"

60. Sabihin (O Muhammad ﷺ): "Sasabihin ko ba sa inyo ang mga bagay na higit na masama kaysa rito, kaugnay (ito) ng kabayaran mula sa Allâh? Yaong natamo ang sumpa ng Allâh at ng Kanyang poot, at yaong Kanyang binago ang anyo at ginawang mga unggoy at baboy, at yaong sumamba sa *Tâghût* (mga diyus-diyusan); sila ang pinakamasama sa katayuan, at

وَإِذَا نَادَيْتُمْ إِلَى الصَّلَاةِ اتَّخَذُوا هُزُوعًا وَلَعِبًا ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَا يَعْقِلُونَ ﴿٥٨﴾

قُلْ يَا هَلْ أَكْتَبَ هَلْ تَنْصِفُونَ مِنَّا إِلَّا أَنْ أَمَرْنَا بِاللَّهِ وَمَا أُنزِلَ إِلَيْنَا وَمَا أُنزِلَ مِن قَبْلُ وَإِنَّ أَكْثَرَهُمْ فَاسِقُونَ ﴿٥٩﴾

قُلْ هَلْ أُنَبِّئُكُمْ بِشَرِّ مِمَّنْ ذَٰلِكَ مُثَوِّبَةٌ عِنْدَ اللَّهِ مِنْ لَعْنَةِ اللَّهِ وَعَظِيبَ عَلَيْهِ وَجَعَلَ مِنْهُمْ الْفِرْدَاةَ وَالْخَنَازِيرَ وَعَبَدَ الطَّاغُوتِ أُولَٰئِكَ شَرٌّ مَكَانًا وَأَضَلُّ عَنْ سَوَاءِ السَّبِيلِ ﴿٦٠﴾

kakaloob sa sinumang Kanyang naisin. At ang Allâh ay May-Kasapatan sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Lubos na Maalam.

55. Katotohanan, ang inyong *Walî* (tagapagtanggol at tagatulong) ay ang Allâh, at ang Kanyang Sugo ﷺ at ang mga mananampalataya – yaong mga nagsasagawa ng *Salâh*, at nagbibigay ng *Zakâh* at sila ay yumuyuko (sa pagtalima).

56. At sinumang manalig (tumanggap) sa Allâh, sa Kanyang Sugo ﷺ, at sa mga mananampalataya, kung gayon, katiyakang ang pangkat (kalkampi) ng Allâh ang magtatagumpay.

57. O kayong mananampalataya! Huwag kunin bilang ‘*Auliyâ*’ – (kapanalig, tagapagtanggol at tagatulong) yaong nagtuturing sa inyong pananampalataya (relihiyon) nang may pangungutya at katatawanan (na tila laruan) – mula sa mga naunang tumanggap ng Banal na Kasulatan kaysa sa inyo, at maging ang *Kuffâr* (mga sumasamba sa mga diyus-diyusan). At magkaroon ng takot sa

إِنَّمَا وَرِثَكُمُ اللَّهُ وَرَسُولُهُ وَالَّذِينَ آمَنُوا
الَّذِينَ يُعِيمُونَ الصَّلَاةَ وَيُؤْتُونَ الزَّكَاةَ وَهُمْ
رَاكِعُونَ ﴿٥٥﴾

وَمَنْ يَتَوَلَّ اللَّهَ وَرَسُولَهُ وَالَّذِينَ آمَنُوا فَإِنَّ
حِزْبَ اللَّهِ هُمُ الْغَالِبُونَ ﴿٥٦﴾

يَأْتِيهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا يَتَّخِذُوا الَّذِينَ اتَّخَذُوا
دِينَكُمْ هُزُوعًا وَلَعِبًا مِّنَ الَّذِينَ أُوتُوا
الْكِتَابَ مِن قَبْلِكُمْ وَالْكَافِرَ أُولِيَاءَ وَاتَّقُوا
اللَّهَ إِنَّ كُفْرَكُمْ مُمِينِينَ ﴿٥٧﴾

kanilang sarili.³⁷

53. At magsasabi ang mga mananampalataya: “Sila ba yaong mga taong sumumpa ng isang malakas na panunumpa sa (Ngalan ng) Allâh na sila ay kabilang sa inyo (sa pananampalatayang Islam)?” Mawawalan ng saysay ang lahat (ng mabubuti) nilang gawa, at sila ay naging mga talunan.

54. O kayong mananampalataya! Sinuman sa inyo ang tumalikod sa kanyang pananampalataya (Islam), papalitan (sila) ng Allâh ng mga taong Kanyang mamahalin at sila ay magmamahal sa Kanya; na mapagkumbaba sa mga mananampalataya, mahigpit sa mga tumanggi ng pananampalataya (Islam), nakikipaglaban sa Landas ng Allâh, at kailanma’y hindi natatakot sa mga panunumbat ng mga mapanumbat. Ito ang pagpapala ng Allâh na Kanyang ipag-

وَقُولِ الَّذِينَ آمَنُوا أَهْلَاءَ الَّذِينَ
أَقْسَمُوا بِاللَّهِ جَهْدَ أَيْمَانِهِمْ
لَكُمْ هَاطَتَ أَعْيُنُهُمْ فَاَصْبَحُوا
خَسِرِينَ ﴿٥٣﴾

يَأْتِيهَا الَّذِينَ آمَنُوا مِنْ يَدَيْكُمْ عَنْ
دِينِهِمْ فَسَوْفَ يَأْتِي اللَّهَ بِقَوْمٍ
يُحِبُّونَهُ أَذِلَّةٍ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ أَعْرَفُوا عَلَى
الْكَافِرِينَ يُجَاهِدُونَ فِي سَبِيلِ اللَّهِ وَلَا
يَخَافُونَ لَوْمَةَ لَائِمٍ ذَلِكَ فَضْلُ اللَّهِ يُؤْتِيهِ
مَنْ يَشَاءُ وَاللَّهُ وَاسِعٌ عَلِيمٌ ﴿٥٤﴾

³⁷ “Yaong may sakit sa kanilang puso” ay nauukol sa mga taong may pag-aalinlangan sa mga Salita ng Allâh, may pag-aatubili at pagkukunwari sa kanilang puso. Sila’y nagmamadali sa pag-alok ng pakikipagkaibigan at pakikianib sa mga di nananampalataya maging lantad man o lihim. Kanilang ikinakatwiran na maaaring manalo ang mga ito laban sa mga Muslim kaya higit na may kapakinabangan ang kanilang pakikipagkaibigan sa kanila. Nguni’t ang Allâh ay nagbigay ng tagumpay sa mga Muslim nang masakop nila ang *Makkah*, at nalantad ang pagkukunwari ng ilan sa mga nagsasabing sila ay kabilang sa mga Muslim.

may katiyakan at maliwanag) sa mga taong may matatag na pananampalataya.

51. O kayong mananampalataya! Huwag kunin ang mga Hudyo at Kristiyano bilang ‘*Auliyâ*’ (kapanalig, tagapagtanggol o tagatulong). Sila ay ‘*Auliyâ*’ sa isa’t isa. At sinuman sa inyo ang makipagkaibigan sa kanila, kung gayon, tunay na siya ay isa sa kanila. Katotohanan, ang Allâh ay hindi nagbibigay ng patnubay sa mga mapaggawa ng kasamaan.

52. At iyong makikita yaong may sakit sa kanilang puso, na sila ay nagmamadali (sa pakikipagkaibigan) sa kanila, na nagsasabi: “Kami ay nangangamba sa malaking kasawiang maaaring sumapit sa amin.” Malamang na magpapadala ang Allâh ng tagumpay o di kaya’y isang kapasiyahan (o kautusan) ayon sa Kanyang kalooban. Samakatwid sila ay magsisi sa mga lihim na kinikimkim ng

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَتَّخِذُوا الْيَهُودَ

وَالنَّصَارَىٰ أَوْلِيَاءَ بَعْضُهُمْ أَوْلِيَاءُ بَعْضٍ وَمَنْ يَتَوَلَّهُمْ يَتَوَلَّهُمْ أَجْمَعِينَ ٥١ إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ ﴿٥١﴾

قَرَى الَّذِينَ فِي قُلُوبِهِمْ مَرَضٌ يُسْرِعُونَ فِيهِمْ يَقُولُونَ نَخْشَىٰ أَنْ تُصِيبَنَا دَائِرَةٌ فَعَسَىٰ اللَّهُ أَنْ يَأْتِيَ بِالْفَتْحِ أَوْ أَمْرٍ مِنْ عِنْدِهِ فَيُصْبِحُوا عَلَىٰ مَا أَسْرُوا فِي أَنفُسِهِمْ تُدْمِيقٌ ﴿٥١﴾

ang iba't ibang kautusan) upang subukan kayo sa mga ibinigay Niya sa inyo. Kaya magpaligsahan sa mga mabubuting gawa. Sa Allâh ang inyong pagbabalik, at pagkatapos ipababatid Niya sa inyo ang hinggil sa lagi ninyong pinagtatalunan.

49. Kaya magbigay hatol (O Muhammad ﷺ) sa kanila ayon sa ipinahayag ng Allâh at huwag sundin ang mga walang-saysay nilang hangarin, nguni't mag-ingat (sa kanilang mga kasinungalingan at huwag palilinlang) sa kanila upang hindi ka nila mailayo sa anumang ipinadala sa iyo ng Allâh. At kung sila man ay tumalikod, magkagayo'y dapat mabatid na ang kalooban ng Allâh ay parusahan sila dahil sa kanilang mga pagkakasala. At katotohanan, karamihan sa tao ay mga *Fâsiq* (mapanghimagsik).

50. Magkagayon ang hinahanap pa ba nila ay ang paghatol (noong panahon) ng *Jâhiliyyah* (kamangmangan)? At sino pa ba ang hihigit sa Allâh sa paghatol (na sadyang

وَأَن أٰحْكَمَ بَيْنَهُمْ بِمَا أَنزَلَ اللَّهُ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَاءَهُمْ وَاحْذَرْهُمْ أَن يَفْتِنُوكَ عَنِ بَعْضِ مَا أَنزَلَ اللَّهُ إِلَيْكَ فَإِن تَوَلَّوْا فَاعْلَمُوا أَنَّمَا يُرِيدُ اللَّهُ أَن يُصِيبَهُم بِبَعْضِ ذُنُوبِهِمْ وَإِن كَثِيرًا مِّنَ النَّاسِ لَفَاسِقُونَ ﴿٤٩﴾

أَفَحُكْمَ الْجَاهِلِيَّةِ يَبْغُونَ وَمَنْ أَحْسَنُ مِنَ اللَّهِ حُكْمًا لِّقَوْمٍ يُوقِنُونَ ﴿٥٠﴾

47. (Aming sinabi) Hayaang maghatol ang mga angkan ng 'Injil (Ebanghelyo) ayon sa ipinahayag dito ng Allâh. At sinumang hindi magbigay hatol ayon sa (liwanag na) ipinahayag ng Allâh, magkagayon sila ay walang ipinagkaiba sa mga (taong) mapanghimagsik.

48. At Aming ipinadala sa iyo (O Muhammad ﷺ) ang Aklat (*Qur'ân*) sa katotohanan, na nagpapatunay sa mga Banal na Kasulatan na nauna rito at isang *Muhayminan*³⁶ (mapagkakatiwalaang saksi) sa mga ito. Kaya magbigay ng hatol sa pagitan nila ayon sa ipinahayag ng Allâh, at huwag sundin ang mga walang-saysay nilang hangarin, na lihis sa katotohanang dumating sa iyo. Sa bawa't isa sa inyo, Kami ay nagtakda ng kautusan (batas) at isang maliwanag na landas. Kung ninais lamang ng Allâh, ginawa Niya kayong iisang bansa (at iisang batas na susundin). Nguni't (ipinahayag

وَلِيَحْكُمَ أَهْلَ الْأَنْبِيَاءِ بِمَا أَنْزَلَ اللَّهُ فِيهِ وَمَنْ لَمْ يَحْكَمْ بِمَا أَنْزَلَ اللَّهُ فَأُولَئِكَ هُمُ الْفَاسِقُونَ ﴿٤٧﴾

وَأَنْزَلْنَا إِلَيْكَ الْكِتَابَ بِالْحَقِّ مُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ الْكِتَابِ وَمُهَيْمِنًا عَلَيْهِ فَاحْكُم بَيْنَهُمْ بِمَا أَنْزَلَ اللَّهُ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَاءَهُمْ عَمَّا جَاءَكَ مِنَ الْحَقِّ لِكُلِّ جَعَلْنَا مِنْكُمْ شُرَعًا وَمِنْهَا جَاءَ وَلَوْ شَاءَ اللَّهُ لَجَمَعْتُمْ أُمَّةً وَاحِدَةً وَلَكِنْ لِيَبْلُوَكُمْ فِي مَا آتَاكُمْ فَاسْتَبِقُوا الْخَيْرَاتِ إِلَى اللَّهِ مَرْجِعُكُمْ جَمِيعًا فَيُنَبِّئُكُمْ بِمَا كُنْتُمْ فِيهِ تَخْتَلِفُونَ ﴿٤٨﴾

³⁶ *Muhayminan*: Ang *Qur'ân* ay isang mapagkakatiwalaan, saksi at nangingibabaw sa lahat na naunang mga Aklat. Kaya naman, ipinahayag ito ng Allâh bilang kahuli-hulihang Kasulatan na Kanyang iingatan at babantayan laban sa anumang pagbabago o mga pagsusog.

ipinahayag ng Allâh, magkagayon (sila) ay di mananampalataya.

45. At dito (sa Aklat na ito, ang Torah) ay Aming ipinag-utos sa kanila: “Buhay sa buhay, mata sa mata, ilong sa ilong, tainga sa tainga, ngipin sa ngipin, at ang mga sugat ay ayon sa katumbas na sukat.” Datapwa’t sinumang (magpatawad at) ipaubaya ang paghihiganti bilang kawanggawa, ito ay isang pagpawi ng kasalanan para sa kanya. At sinumang hindi maghatol batay sa ipinahayag ng Allâh, magkagayon (sila) ay di makatarungan.

46. At sa kanilang mga yapak,³⁵ Aming ipinadala si ‘Īsâ (Hesus), ang anak ni Maryam (Maria), na nagpapatunay sa *Tawrah* (Torah) na unang dumating sa kanya, at Aming ibinigay sa kanya ang ‘*Injil*’ (Ebanghelyo), naglalaman ng patnubay at liwanag at isang patunay sa *Tawrah* (Batas [Torah]) na unang dumating dito, isang patnubay at paalaala para sa mga may *Taqwâ* (takot) sa Allâh.

وَكُنَّا عَلَيْهِمْ فِيهَا أَنْ النَّفْسَ بِالنَّفْسِ
وَالْعَيْنَ بِالْعَيْنِ وَالْأَنْفَ بِالْأَنْفِ
وَالْأُذُنَ بِالْأُذُنِ وَالسِّنَّ بِالسِّنِّ
وَالْحُرُوجَ فِصَاصًا فَمَنْ تَصَدَّقَ
بِهِ فَهُوَ كَفَّارَةٌ لِلَّهِ وَمَنْ لَمْ
يَحْكَمْ بِمَا أَنْزَلَ اللَّهُ فَأُولَئِكَ هُمُ
الظَّالِمُونَ ﴿٤٥﴾

وَقَفَّيْنَا عَلَىٰ آثَرِهِمْ بِعِيسَى ابْنِ
مَرْيَمَ مُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ
التَّوْرَةِ وَإِنَّا نُنزِّلُ الْإِنْجِيلَ فِيهِ
هُدًى وَنُورٌ وَمُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيْهِ
مِنَ التَّوْرَةِ وَهُدًى وَمَوْعِظَةً
لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٤٦﴾

³⁵ Sa kanilang mga yapak” ay naukol sa mga Propeta na nagmula sa Angkan ng Israel.

nan, minamahal ng Allâh ang mga makatarungan.

43. Nguni't papaano sila dudulog sa iyo upang hingin ang iyong kapasiyahan samantalang nasa kanila ang *Tawrah* (ang Batas – Torah) na (malinaw na) nakasaad dito ang kapasiyahan ng Allâh? Magkagayunman (at) pagkaraan nito, sila ay tatalikod pa rin. Sapagka't sila ay di mananampalataya.

44. Katotohanan, Aming ipinadala ang *Tawrah* (ang Batas kay Moises), na kung saan naroon ang patnubay at liwanag. Sa pamamagitan nito, ang mga Propeta, na isinuko ang kanilang mga sarili sa kalooban ng Allâh, ay nagbigay-hatol sa mga Hudyo. At ipinagtiwala sa mga *Rabbi* (maaalam na may katungkulan) at mga *Ahbâr* (paham sa kanila) ang pangangalaga sa Aklat ng Allâh (na huwag nila itong baguhin), at sila ay mga saksi (sa pagkamakatotohanan) nito. Magkagayo'y huwag matakot sa tao bagkus matakot sa Akin at huwag ipagbili ang Aking mga Talata sa isang hamak na halaga. At sinumang hindi maghatol batay sa

كَيْفَ يُحْكِمُونَكَ وَعِنْدَهُمُ التَّوْرَةُ فِيهَا
حُكْمُ اللَّهِ ثُمَّ يَتَوَلَّوْنَ مِنْ بَعْدِ
ذَلِكَ وَمَا أَوْلَيْكَ بِالْمُؤْمِنِينَ ﴿٤٣﴾

إِنَّا أَنْزَلْنَا التَّوْرَةَ فِيهَا هُدًى وَنُورٌ
يُحْكِمُ بِهَا النَّبِيُّونَ الَّذِينَ أَسْلَمُوا
لِلَّذِينَ هَادُوا وَالرَّبَّيُّونَ وَالْأَحْبَارُ
بِمَا اسْتَحْفَضُوا مِنْ كِتَابِ اللَّهِ
وَكَانُوا عَلَيْهِ شُهَدَاءَ فَلَا
تَخْشَوُا النَّكَاسَ وَأَخْشَوُا وَلَا
تَسْتَرُوا بِعَاقِبَتِي ثَمَنًا قَلِيلًا وَمَنْ لَمْ
يُحْكَمْ بِمَا أَنْزَلَ اللَّهُ فَأُولَئِكَ هُمُ
الْكٰفِرُونَ ﴿٤٤﴾

nais ilagay ng Allâh sa *Fitnah* (pagkaligaw), wala kang magagawa para sa kanya upang salungatin ang Allâh. Sila yaong hindi ninanais ng Allâh na dalisayin ang kanilang mga puso. Para sa kanila’y isang kahihyan sa mundong ito, at isang napakatinding parusa sa Kabilang Buhay.

42. Sila ay (may pagnanais at labis na) nakikinig sa mga kasinungalingan, sa paglamon sa anumang ipinagbabawal³⁴. Kaya kung sila man ay pumunta sa iyo, maaari kang magbigay hatol sa pagitan nila o maaari mong talikuran sila. Kung tumalikod ka (at lumayo) sa kanila, hindi ka nila mapipinsala ng kahit kaunti. At kung ikaw ay hahatol, humatol nang may katarungan sa pagitan nila. Katotoha-

سَتَعُورُونَ لِكَذِبِ أَكْثَرُونَ
لِلسُّخْتِ فَإِنْ جَاءُوكَ فَأَحْكُم بَيْنَهُمْ
أَوْ أَعْرَضْ عَنْهُمْ وَإِنْ تُعْرِضْ عَنْهُمْ
فَكَانَ يَصْرُوكَ شَيْئًا وَإِنْ حَكَمْتَ
فَأَحْكُم بَيْنَهُمْ بِالْقِسْطِ إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ
الْمُقْسِطِينَ ﴿٤٢﴾

Muslim na may dalawang Hudyo, lalake at babae, ang dinala kay Propeta Muhammad ﷺ dahil sila’y nagkasala ng pangangalunya. Ang Sugo ng Allâh ay nagtanong sa kanila, *Ano ang batas na makikita ninyo sa Tawrâh hinggil sa pangangalunya?* Kanilang sinabi, *Ibunyang at ilalantad namin sila, isasakay namin sila sa buriko na nakaharap sa likuran nito, at ipaparada namin sila sa buong bayan.* Sinabi ng Propeta ﷺ, *Dalhin dito ang Tawrâh at basahin kung kayo nga ay makatotohanan.* Kaya dinala nila ang *Tawrâh* at nagbasa mula rito. Nang makarating sa talata hinggil sa parusang pagbato sa nangalunya, tinakpan ito ng bumabasa ng kanyang kamay at binasa lamang niya kung ano ang nasa una at huli ng talata. Si Abdullah bin Salam na naroroon ay nagsabi sa Propeta ﷺ, *Ipag-utos mo sa kanyang alisin ang kanyang kamay.* At inalis ang kamay ng bumabasa at nalantad ang pahayag hinggil sa pagbato. Kaya ipinag-utos ng Propeta ﷺ na batuhin kapuwa ang mga nagkasala ng pangangalunya, at sila’y binato. (Muslim 3:1326).

³⁴ Paglamon, pagsuong, at pagkahumaling sa anumang ipinagbabawal katulad ng patubuan at pagsuhol at pagsasamantala sa kahinaan ng kanilang kapuwa upang sila’y gawan ng panlalamang.

41. O Sugo ﷺ! Huwag mong ika-lungkot yaong (mga taong) nakiki-pagpaligsahan (sa isa't isa) upang mahulog sa kawalan ng pananampalataya, (maging sila man ay) kabilang sa mga (taong) nagsasabing: “Kami ay naniniwala” sa kanilang mga bibig (lamang) subali't ang kanilang puso'y walang (nilalamang) pananampalataya. At kabilang sa mga Hudyo ay may nakikinig (nang labis) sa mga kasinungalingan – nakikinig sa iba na hindi naman pumupunta sa iyo.³² Kanilang pinapalitan ang mga salita sa kinalalagyan nito. Kanilang sinasabi: “Kung kayo ay binigyan nito (hatol sa paghagupit sa nangalunya), tanggapin ito; nguni't kung kayo ay hindi binigyan nito, magkagayo'y mag-ingat!”³³ At sinumang

﴿ يَا أَيُّهَا الرَّسُولُ لَا يَحْزُنكَ الَّذِينَ يُسْكَرُونَ فِي الْكَفْرِ مِنَ الَّذِينَ قَالُوا آمَنَّا بِأَفْوَاهِهِمْ وَلَمْ تُؤْمِن قُلُوبُهُمْ وَمِنَ الَّذِينَ هَادُوا سَكَّعُوا لِلْكَذِبِ سَمْعُونَ لِقَوْمٍ آخَرِينَ لَمْ يَأْتُوكَ يَحْرِفُونَ الْكَلِمَ مِنْ بَعْدِ مَوَاضِعِهِ يَقُولُونَ إِنْ أُوتِيتُمْ هَذَا فَخُذُوهُ وَإِنْ لَمْ تُؤْتَوْهُ فَاحْذَرُوا وَمَنْ يُرِدِ اللَّهُ فِتْنَتَهُ فَلَنْ تَمْلِكَ لَهُ مِنْ اللَّهِ شَيْئًا أُولَئِكَ الَّذِينَ لَمْ يُرِدِ اللَّهُ أَنْ يَهْتَرِ قُلُوبَهُمْ هُمْ فِي

الدُّنْيَا حِزْبٌ وَاللَّهُ فِي الْآخِرَةِ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿١١﴾

³² Ang talatang ito ay ipinahayag hinggil sa mga taong nagmamadali tungo sa pagkapariwara at kawalan ng pananampalataya, lumilihis sila sa pagsunod sa Alláh at sa Kanyang Sugo ﷺ. Higit na sinusunod ang sarili nilang haka-haka at pagnanais kaysa sa pagsunod sa ipinag-uutos ng Alláh. Nagkukunwari silang mananampalataya sa kanilang mga salita bagaman ang kanilang mga puso'y hungkag sa paniniwala. Sila ang mga mapagbalatkayo. Nakikinig sila sa mga sinasabi ng ibang tao na hindi naman dumadalo sa mga pagpupulong na ginaganap ng taong-bayan na kasama ang Propeta ﷺ.

³³ Ang bahaging ito ng talata ay nauukol sa ilang mga Hudyo na iniiba ang mga salita ng kanilang Aklat (*Tawrah*), binabago ang kahulugan bagaman batid nila at naunawaan nang ganap ang diwa ng mga ito. Iniba nila ang batas na nakasulat sa *Tawrah* hinggil sa parusang pagbato sa pangangalunya. Ayaw nilang ipatupad ang pagbato at pinalitan nila ito ng paghagupit ng 100 beses, at ang pagparada sa mga salarin sakay ng buriko sa buong bayan. Naitala ni Imaam

Allâh ay Lubos na Makapangyarihan,
ang Matalino.

39. Nguni't sinuman ang magsisi
(pigilin ang sarili sa pagnanakaw at
magbagong buhay) pagkatapos ng
kanyang pagkakasala at gumawa ng
mabubuti, magkagayo'y tunay na
patatawarin siya ng Allâh.³¹ Kato-
tohanan, ang Allâh ay Lagi nang
Mapagpatawad, ang Mahabagin.

مَنْ تَابَ مِنْ بَعْدِ ظُلْمِهِ وَأَصْلَحَ
فَإِنَّ اللَّهَ يَتُوبُ عَلَيْهِ إِنَّ اللَّهَ
عَفُورٌ رَحِيمٌ ﴿٦٦﴾

40. Hindi ba ninyo nalalaman na
katotohanan nasa Allâh (lamang) ang
kapangyarihan sa mga kalangitan at
sa kalupaan! Pinarurusahan Niya
ang sinumang Kanyang naisin at
pinatatawad Niya ang sinumang
Kanyang naisin. At ang Allâh ay
may kakayahan sa lahat ng bagay.

أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ اللَّهَ لَهُ مُلْكُ السَّمَاوَاتِ
وَالْأَرْضِ يُعَذِّبُ مَنْ يَشَاءُ وَيَغْفِرُ لِمَنْ
يَشَاءُ وَاللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ
قَدِيرٌ ﴿٦٧﴾

³¹ Naitala ni Imaam Ahmad na si 'Abdullaah bin 'Amir ay nagsabi na isang babae ang nagnakaw noong panahon ng Sugo ng Allâh. Dinala siya ng mga ninakawan niya sa Propeta ﷺ at sila'y nagsabi: *O Sugo ng Allâh, ninakawan kami ng babaing ito! Ang kamag-anak ng babae ay nagsabi: O Sugo ng Allâh, nais naming tubusin siya.* Ang Sugo ng Allâh ay nagsabi: *Putulin ang kanyang kamay!* Muling nagsabi ang mga kamag-anak ng babae: *Tutubusin namin siya sa halagang 500 dinar.* Ang Sugo ng Allâh ay nagsabi: *Putulin ang kanyang kamay.* Kaya ang kanyang kamay ay pinutol at ang babae ay nagtanong, *O Sugo ng Allâh, may pagkakataon pa ba akong magsisi?* Siya'y sumagot: *Oo, Sa araw na ito'y malaya ka na sa iyong kasalanan katulad noong araw na ipinanganak ka ng iyong ina.* At ang talatang ito sa kabanata Al-Ma'idah ay ipinahayag: *Nguni't sinuman ang magsisi pagkatapos ng kanyang pagkakasala at gumawa ng mabubuti, magkagayo'y katotohanang patatawarin siya ng Allâh. Katotohanan, ang Allâh ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Mahabagin.*

36. Katotohanan, yaong mga tumanggi sa pananampalataya, kahit mapasakanila ang lahat (ng yaman) sa lupa at dagdagan pa ng kasindami nito upang gawing pantubos sa kanilang sarili laban sa kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kailanma'y hindi ito tatanggapin sa kanila. At mapapasakanila ang isang napakasakit na parusa.

إِنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا لَوْ أَنَّهُمْ مَا
 فِي الْأَرْضِ جَمِيعًا وَمِثْلَهُ مَعَهُ
 لَيَفْتَدُوا بِهِ مِنْ عَذَابِ يَوْمِ الْقِيَامَةِ
 مَا تُقْبَلُ مِنْهُمْ وَكَمْ عَذَابٌ
 أَلِيمٌ ﴿٣٦﴾

37. Magnanais silang makalabas mula sa Apoy (Impiyerno), nguni't hindi sila makalalabas doon magpakailanman; at mapapasakanila ang kaparusahang walang hanggan.

يُرِيدُونَ أَن يُخْرِجُوا مِنَ النَّارِ وَمَا
 هُمْ بِخَارِجِينَ مِنْهَا وَلَهُمْ عَذَابٌ
 مُّقِيمٌ ﴿٣٧﴾

38. At (hinggil) sa lalaking magnanakaw at sa babaing magnanakaw, putulin ang kanilang kamay bilang kabayaran sa kanilang ginawa, isang kaparusahan na magsisilbing halimbawa mula sa Allâh.³⁰ At ang

وَالسَّارِقُ وَالسَّارِقَةُ فَاقْطَعُوا
 أَيْدِيَهُمَا جَزَاءً بِمَا كَسَبَا نَكَالًا
 مِنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٣٨﴾

³⁰ Ipinag-uutos ng Allâh na ang kamay ng nagnakaw ay dapat putulin, maging siya man ay lalake o babae. Isinalaysay ni Abu Hurayrah na ang Sugo ng Allâh ay nagsabi: *Sumpain nawa ng Allâh ang magnanakaw na nagnakaw ng isang itlog at dahil dito'y naputol ang kanyang kamay.* (Muslim 3:1314). Naitala rin nina Bukhari at Muslim na si 'A'ishah ay nagsabi na ang Sugo ng Allâh ay nagwika: *Ang kamay ng isang magnanakaw ay dapat putulin kung siya ay nagnakaw ng ikaapat na bahagi ng isang Dinar o higit pa.* (Muslim 3:1312). Ito ang hatol bilang parusa sa mga kasamaang kanilang ginawa – sa pagnanakaw ng ari-arian ng iba. Kung ano ang ginamit sa pagnanakaw (kamay) ay dapat putulin bilang parusang itinakda ng Allâh sa kanilang pagkakasala.

sa kalupaan ay patayin o sila'y ipako sa krus, o putulin ang magkabila nilang kamay at paa, o ipatapon sila mula sa lupain.²⁸ Iyon ang kanilang kahihiyang sa mundong ito, at mapapasakanila ang isang napakalaking kaparusahan sa Kabilang Buhay.

34. Maliban sa mga nanumbalik nang may pagsisisi bago pa man sila sumailalim sa inyong kapangyarihan;²⁹ sa ganitong pangyayari, dapat ninyong malaman na ang Allâh ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Mahabagin.

35. O kayong mananampalataya! Magkaroon ng *Taqwâ* (takot) sa Allâh at hanapin ang *Wasilah* (mga paraang makapaglalapit) sa Kanya, at magsumikap sa Kanyang landas upang kayo ay maging matagumpay.

أَيَّدِيهِمْ وَأَرْجُلُهُمْ مِّنْ خَلْفِهِمْ أَوْ
يُنْفُوا مِنْ الْأَرْضِ ذَلِكَ لَهُمْ
خِزْيٌ فِي الدُّنْيَا وَلَهُمْ فِي الْآخِرَةِ
عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿٣٣﴾

إِلَّا الَّذِينَ تَابُوا مِن قَبْلِ أَنْ
تَقْدَرُوا عَلَيْهِمْ فَاَعْلَمُوا أَنَّ اللَّهَ
عَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٣٤﴾

يَتَأَيَّمُوا لِلَّذِينَ آمَنُوا وَقَبَلُوا
وَأَبْتَقُوا إِلَى الْوَسِيلَةِ وَجَاهِدُوا
فِي سَبِيلِهِ لِمَلِكِكُمْ تَقْلُحُونَ ﴿٣٥﴾

²⁸ Isinalaysay ni 'Ali bin Abi Talhah na si Ibn Abbas ay nagsabi hinggil sa talatang ito, 'Sinumang maghimagsik sa lupain ng mga Muslim at nagkakatat ng pananakot sa kapaligiran at siya ay nabihag, ang pinunong Muslim ay may pagpipilian: Maaari siyang patayin o ipako sa krus, o putulin ang kanyang mga kamay at paa, o ipatapon sa ibang lupain.

²⁹ Sila yaong gumawa ng kasalanan sa lupaing pamamahala ng mga Muslim na matapos tumakas ay bumalik at nagpahayag ng pagsisisi bago pa man sila madakip sa kanilang kasalanan.

kapatid?”²⁷ At siya’y naging isa sa mga nagsisisi (at nagdadalamhati).

32. Dahil doon (sa ginawang pagpatay ni Cain kay Abel), ipinag-utos Namin sa Angkan ng Israel na sinuman ang pumatay (ng tao) hindi bilang ganti (o kabayaran) sa salang pamamaslang (ng tao), o di kaya ay maghasik ng kasamaan sa kalupaan – ay para na rin niyang pinatay ang buong sangkatauhan. At sinuman ang magligtas ng isang buhay, ay para na rin niyang iniligtas ang buhay ng buong sangkatauhan. At katotohanan, dumating sa kanila ang mga Sugo Namin na may dalang malinaw na *Bayyinât* (mga katibayan, patunay, at tanda). Gayunpaman, pagkaraan nito ay marami pa rin sa kanila ang nagpatuloy ng pagmamalabis sa itinakdang hangganan dito sa kalupaan.

33. Ang tanging kabayaran (parusa) sa mga nagtataguyod ng digmaan laban sa Allâh at sa Kanyang Sugo ﷻ at gumagawa ng kasamaan

مِنَ أَجْلِ ذَلِكَ كَتَبْنَا عَلَىٰ بَنِي
إِسْرَائِيلَ أَنَّهُمْ مَنْ قَتَلَ نَفْسًا بِغَيْرِ
نَفْسٍ أَوْ فَسَادٍ فِي الْأَرْضِ
فَكَأَنَّمَا قَتَلَ النَّاسَ جَمِيعًا
وَمَنْ أَحْيَاهَا فَكَأَنَّمَا أَحْيَا
النَّاسَ جَمِيعًا وَلَقَدْ جَاءَتْهُمْ
رُسُلُنَا بِالْبَيِّنَاتِ ثُمَّ إِنَّ كَثِيرًا
مِّنْهُمْ بَعْدَ ذَلِكَ فِي الْأَرْضِ
لَمُسْرِفُونَ ﴿٣٢﴾

إِنَّمَا جَزَاءُ الَّذِينَ يُجَارِبُونَ اللَّهَ
وَرُسُلَهُ وَيَسْعُونَ فِي الْأَرْضِ فَسَادًا
أَنْ يُقَتَّلُوا أَوْ يُصَلَّبُوا أَوْ تُقَطَّعَ

²⁷ Isinalaysay ni ‘Ali bin Abi Talhah na si Ibn Abbas ay nagsabi: “Isang uwak ang dumating sa tabi ng isang patay na uwak at ito’y kumahig sa lupa upang takpan ito hanggang sa ito’y mailibing sa lupa”. Kaya naman si Cain ay nagsabi: “Kasawian sa akin! Wala ba akong kakayahang maging katulad nitong uwak na itago ang bangkay ng aking kapatid?”

ay may takot sa Allâh, ang Panginoon ng 'Ālamīn (sangkatauhan, Jinn at lahat ng nilikha).”

29. “Katotohanan, (higit na) hinahangad ko ang hayaan kang managot sa aking kasalanan²⁶ at maging sa kasalanan mo, magkagayo’y mabibilang ka sa mga mananahanan sa Apoy (Impiyerno), at iyan ang kabayaran sa mga mapaggawa ng masama.”

30. Kaya ang sarili na rin niya (Cain) ang nag-udyok sa kanya na (makatuwiran lamang na) patayin ang kanyang kapatid (na si Abel); pinatay niya ito at (siya’y) naging isa sa mga talunan.

31. Pagkaraa’y ipinadala ng Allâh ang isang uwak na kumahig sa lupa upang ipakita sa kanya kung paano itago ang bangkay ng kanyang kapatid. Siya (si Cain) ay nagsabi: “Kasawian sa akin! Wala ba akong kakayahang maging katulad nitong uwak na itago ang bangkay ng aking

إِنِّي أُرِيدُ أَنْ تَبُوءَ بِإِثْمِي وَإِثْمِكَ
فَتَكُونَ مِنَ أَصْحَابِ النَّارِ وَذَلِكَ
جَزَاءُ الظَّالِمِينَ ﴿٢٩﴾

فَطَوَّعَتْ لَمْ نَفْسُهُ قَتَلَ أَخِيهِ فَقَتَلَهُ
فَأَصْبَحَ مِنَ الْخَاسِرِينَ ﴿٣٠﴾

قَبَعَتْ اللَّهُ عُرَابًا يَبْحَثُ فِي الْأَرْضِ
لِيُرِيَهُمْ كَيْفَ يُؤَدِرُ سَوْءَةَ أَخِيهِ
قَالَ يَتَوَلَّوْا أَعْبَرْتُمْ أَنْ أَكُونَ مِثْلَ
هَذَا الْقُرْبِ فَأُوَدِرِي سَوْءَةَ أَخِي
فَأَصْبَحَ مِنَ النَّادِمِينَ ﴿٣١﴾

²⁶ Ang kahulugan ng “ang aking kasalanan” ay “ang kasalanan sa pagpatay mo sa akin” na iyong pananagutin kasama ng iyong mga kasalanan. (At-Tabari 10:215-216)

siyahan at ihiwalay) kami sa mga taong mapanghimagsik (sa Allâh).”

26. Sinabi (sa kanya ng Allah) “Magkagayo’y ipinagbabawal sa kanila (ang pumasok sa banal na pook na) ito sa loob ng apatnapung taon; na sa (katayuang) pagkalito’y magpagala-gala sila sa kalupaan. Kaya huwag magdalamhati sa mga taong mapanghimagsik (sa Allâh).”

27. At isalaysay sa kanila (O Muhammad ﷺ) ang tunay na kasaysayan ng dalawang anak ni Adan (sina Habil [Abel] at Qabil [Cain]) nang kapwa sila naghandog ng pag-aalay (sa Allâh). Ito ay tinanggap mula sa isa (Abel) at tinanggihan mula sa iba (Cain). Sinabi (ni Cain): “Katiyakang ikaw ay aking papatayin.” Sinabi (ni Abel): “Katotohanan, tinanggap lamang ng Allâh ang mula sa *Al-Muttaqûn* (mga may takot sa Allâh).”

28. “Kung iyong iuunat ang iyong kamay (laban sa akin) upang ako ay patayin, kailanma’y hindi ko iuunat ang aking kamay (laban sa iyo) upang ikaw ay patayin; sapagka’t ako

قَالَ فَإِنَّهَا مُحَرَّمَةٌ عَلَيْهِمْ أَرْبَعِينَ
سَنَةً يَتِيهُونَ فِي الْأَرْضِ فَلَا
تَأْسَ عَلَى الْقَوْمِ الْفَاسِقِينَ ﴿٢٦﴾

﴿٢٧﴾ وَأَنْتَ عَلَيْهِمْ نَبَأٌ آتٍ ؕ
بِالْحَقِّ إِذْ قَرَّبْنَا قَبْلَكَ فَتَقَبَّلَ مِنْ
أَحَدِهِمَا وَكَمْ يَنْقَبِلُ مِنَ الْآخِرِ قَالِ
لَأَقْتُلَنَّكَ قَالَ إِنَّمَا يَتَقَبَّلُ اللَّهُ مِنَ
الْمُتَّقِينَ ﴿٢٨﴾

لِيَأْخُذَ بِيَدِي وَإِنِّي أَخَافُ اللَّهَ رَبَّ الْعَالَمِينَ ﴿٢٨﴾

Kapag sila'y umalis na, doon lamang kami papasok.”

23. Nagsabi ang dalawang lalaking²⁵ kabilang sa (mga taong) may *Taqwâ* (takot) sa Allâh, na sa kanila'y ipinagkaloob ng Allâh ang Kanyang pagpapala: “Pasukin (lusubin) sila sa may tarangkahan; sapagka't kung kayo ay makapasok doon, ang tagumpay ay mapapasainyo. At ibigay ang inyong tiwala sa Allâh kung kayo nga ay tunay na mananampalataya.”

24. Sila ay nagsabi: “O Musa (Moises)! Kailanma'y hindi namin papasukin ito habang sila'y naroroon. Kaya pumunta ka, ikaw at ang iyong Panginoon at makipaglaban kayong dalawa, at kami ay maghihintay na lamang dito.”

25. Siya (Musa) ay nagsabi: “O Panginoon ko! (Katotohanan), ako ay walang kakayahan maliban (lamang) sa aking sarili at sa aking kapatid, magkagayo'y *Ifruq* (hatulan at pagpa-

قَالَ رَجُلَانِ مِنَ الَّذِينَ يَخَافُونَ
أَنعَمَ اللَّهُ عَلَيْهِمَا ادْخُلُوا عَلَيْهِمُ
الْبَابَ فَإِذَا دَخَلْتُمُوهُ فَإِنَّكُمْ
عَلَيْهِمْ وَعَلَى اللَّهِ فِتْوَاكُمْ إِن
كُنتُمْ مُؤْمِنِينَ ﴿١٧﴾

قَالُوا يَمْوَسَىٰ إِنَّآ لَن نَدْخُلُهَآ أَبَدًا مَا
دَامُوا فِيهَآ فَآذَهَبَ أَنتَ وَرَبُّكَ
فَقَسِيلاً إِنآ هُنَا قَاعِدُونَ ﴿١٨﴾

قَالَ رَبِّ إِنِّي لَا أَمْلِكُ إِلَّا نَفْسِي
وَأَخِي فَآفَرُّوْا بَيْنَنَا وَبَيْنَ الْكُفُورِ
الْفَاسِقِينَ ﴿١٩﴾

²⁵ Ang dalawang lalaking kabilang sa mga taong may takot sa Allâh na Kanyang ginawaran ng ibayong pagpapala ay sina Yuwsha', ang anak ni Nun, at si Kalib, ang anak ni Yufna. (At-Tabari 10:176-178)

ting na sa inyo ang tagapaghatid ng magagandang balita at tagapagbabala. At ang Allâh ay may kakayahan sa lahat ng bagay.

20. At (tandaan) nang sabihin ni Musa (Moises) sa kanyang angkan: “O aking angkan! Tandaan ang mga pagpapala ng Allâh sa inyo: nang magtakda Siya ng mga Propeta mula sa inyo, ginawa kayong mga hari at ipinagkaloob sa inyo ang hindi Niya ipinagkaloob kahit kaninuman sa Kanyang mga nilikha (*‘Âlamîn*).”²⁴

وَإِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِ يُقَوْمِ
اذْكُرُوا نِعْمَةَ اللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ جَعَلَ
فِيكُمْ أَنْبِيَاءَ وَجَعَلَكُمْ مُلُوكًا
وَمَا آتَاكُمْ مِمَّا لَمْ يَأْتِ أَحَدًا مِّنَ
الْمَلَكِينَ ﴿٢٠﴾

21. “O aking angkan! Pumasok sa Banal na Pook na itinalaga ng Allâh para sa inyo at huwag tumalikod (sa pakikipaglaban sa inyong kaaway); sapagka't, kung magkagayo'y ibabalik kayong mga talunan.”

يُقَوْمِ ادْخُلُوا الْأَرْضَ الْمُقَدَّسَةَ الَّتِي
كَتَبَ اللَّهُ لَكُمْ وَلَا تَرْتَدُّوا عَلَىٰ أَدْبَارِكُمْ
فَتَنفَلِبُوا خَاسِرِينَ ﴿٢١﴾

22. Sila ay nagsabi: “O Musa (Moises)! Sa loob nito'y may mga taong pambihira ang lakas, at kailanma'y hindi namin papasukin ito hangga't hindi nila ito lisanin.

قَالُوا يَمْوَسَىٰ إِنَّ فِيهَا قَوْمًا جَبَّارِينَ
وَأِنَّا لَن نَدْخُلُهَا حَتَّىٰ يَخْرُجُوا
مِنْهَا فَإِن يَخْرُجُوا مِنْهَا فَإِنَّا
دَاخِلُونَ ﴿٢٢﴾

²⁴ Ang Angkan ng Israel ang pinakamarangal na tao sa lahat ng mamamayan noong kanilang panahon kung ihahambing sa mga Griyego, Copts at sa iba pa.

Kyang nililikha ang anumang Kyang naisin. At ang Allâh ay may kakayahan sa lahat ng bagay.

18. At (kapwa) sinasabi ng mga Hudyo at mga Kristiyano: “Kami ay mga anak ng Allâh at ang Kyang mga minamahal.” Sabihin mo (O Muhammad ﷺ): “Magkagayon, bakit pinarurusahan Niya kayo sa inyong mga kasalanan?” Hindi lamang iyon, kayo’y mga tao lamang na kabilang sa Kyang mga nilikha. Pinatatawad Niya ang sinumang Kyang naisin at pinarurusahan Niya ang sinumang Kyang naisin. At sa Allâh ang pamamahala ng mga kalangitan at ng kalupaan at ng lahat ng nasa pagitan nito; at sa Kanya ang pagbabalik (ng lahat).

19. O Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano)! Ngayon ay dumating na sa inyo ang Aming Sugo (Muhammad ﷺ) na ginagawang malinaw ang mga bagay sa inyo pagkaraang matigil ang (kawing ng) mga Sugo, upang di ninyo sabihin: “Walang dumating na tagapaghatid ng magagandang balita at tagapagbabala sa amin.” Nguni’t ngayon ay duma-

وَقَالَتِ الْيَهُودُ وَالنَّصَارَىٰ نَحْنُ أَبْنَاءُ اللَّهِ وَأَحِبُّونَهُ قُلْ فَلِمَ يُعَذِّبُكُمْ بِذُنُوبِكُمْ بَلْ أَنْتُمْ بَشَرٌ مِّمَّنْ خَلَقَ يَمُرُّ بَيْنَ يَدَيْهِ لِمَنْ يَشَاءُ وَيُعَذِّبُ مَنْ يَشَاءُ ۗ وَاللَّهُ مُلْكُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا وَإِلَيْهِ الْمَصِيرُ ﴿١٨﴾

يَا أَهْلَ الْكِتَابِ قَدْ جَاءَكُمْ رَسُولُنَا يُبَيِّنُ لَكُمْ عَلَىٰ فَتْرَةٍ مِنَ الرُّسُلِ أَنْ تَقُولُوا مَا جَاءَنَا مِنْ بَشِيرٍ وَلَا نَذِيرٍ فَقَدْ جَاءَكُمْ بَشِيرٌ وَنَذِيرٌ ۗ وَاللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٩﴾

mula sa Allâh ang liwanag at isang malinaw na Aklat (ang *Qur'ân*).

16. Na sa pamamagitan nito'y pinapatnubayan ng Allâh ang lahat ng naghahanap ng Kanyang kasiyahan tungo sa mga landas ng kapayapaan, at sila ay Kanyang hinahango mula sa dilim patungo sa liwanag at pinapatnubayan sila sa matuwid na landas.

17. Tunay na di mananampalataya yaong mga nagsasabing ang Allâh ay (si Hesus) ang Mesiyas – ang anak ni Maryam (Maria). Sabihin mo (O Muhammad ﷺ): “Sino ba ang may kakayahan kahit kaunti laban sa Allâh kung Kanyang naising wasakin ang Mesiyas – ang anak ni Maryam (Maria), ang kanyang ina, at ang lahat ng nasa kalupaan nang magkakasama?” At sa Allâh (lamang) ang pamamahala ng mga kalangitan at ng kalupaan, at ang lahat ng nasa pagitan nito.

يَهْدِي بِهِ اللَّهُ مَنِ اتَّبَعَ
رِضْوَانَهُ مَجْزِيًّا سَبِيلَ
الْسَّلَامِ
وَيُخْرِجُهُم مِّنَ الظُّلُمَاتِ إِلَى
النُّورِ بِإِذْنِهِ وَيَهْدِيهِمْ إِلَى
صِرَاطٍ مُسْتَقِيمٍ ﴿١٦﴾

لَقَدْ كَفَرَ الَّذِينَ قَالُوا إِنَّ اللَّهَ
هُوَ الْمَسِيحُ ابْنُ مَرْيَمَ قُلْ فَمَنْ
يَمْلِكُ مِنَ اللَّهِ شَيْئًا إِنْ أَرَادَ أَنْ
يُهْلِكَ الْمَسِيحَ ابْنَ مَرْيَمَ
وَأُمَّهُ وَمَنْ فِي الْأَرْضِ جَمِيعًا
وَلِلَّهِ مُلْكُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ
وَمَا بَيْنَهُمَا يَخْلُقُ مَا يَشَاءُ وَاللَّهُ عَلِيمٌ
كَرِيمٌ ﴿١٧﴾

(Hudyoy at Kristiyano)! Katotohanang dumating na sa inyo ang Aming Sugo (Muhammad ﷺ) na ipinaliliwanag sa inyo ang karamihan sa mga inililihim ninyo sa Banal na Kasulatan at sa maraming nilalaktawan. Ang pagbato (sa nangalunya) ay nabibilang sa mga bagay na kanilang inililihim sa Kasulatang ipinadala ng Allâh sa kanila. (Al-Hakim 4:359)

Katotohanan, mahal ng Allâh ang mga *Al-Muhsinûn* (mga masigasig sa paggawa ng kabutihan).

14. At mula (rin) sa mga nagsasabing sila’y mga Kristiyano, Aming tinanggap ang kanilang tipan, nguni’t masidhi nilang tinalikuran ang (magandang) bahagi ng Mensaheng ipinadala sa kanila. Kaya Aming itinanim sa kanila ang pagkapoot at pagkasuklam (sa isa’t isa) hanggang sa Araw ng Pagkabuhay na Muli. At ipababatid ng Allâh sa kanila ang dati nilang ginagawa.²²

وَمِنَ الَّذِينَ قَالُوا إِنَّا نَصْرِيَّةَ
أَحَدْنَا مِيثَقُهُمْ فَاسُوا حَطًّا وَمَا
دُكِرُوا بِهِ فَأَعْرَبْنَا بَيْنَهُمُ الْعَدَاوَةَ
وَالْبَغْضَاءَ إِلَى يَوْمِ الْقِيَامَةِ
وَسَوْفَ يُنَبِّئُهُمُ اللَّهُ بِمَا
كَانُوا بَصُرُونَ ﴿١٤﴾

15. mga Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano)! Katotohanang dumating na sa inyo ang Aming Sugo (Muhammad ﷺ) na ipinaliliwanag sa inyo ang karamihan sa mga inililihim ninyo sa Banal na Kasulatan (*Tawrâh* at *Injîl*) at sa maraming nilalak-tawan.²³ Tunay na dumating sa inyo

يَا أَهْلَ الْكِتَابِ قَدْ جَاءَكُمْ
رَسُولُنَا يَبَيِّنُ لَكُمْ كَثِيرًا مِمَّا
كُنْتُمْ تُخْفُونَ مِنَ الْكِتَابِ
وَيَعْلَمُ عَن كَثِيرٍ قَدْ
جَاءَكُمْ مِنَ اللَّهِ نُورٌ
وَكِتَابٌ مُبِينٌ ﴿١٥﴾

²² Nagbibigay babala at banta ang Allâh sa mga Kristiyano na sila’y pananagutin sa kanilang kasinungalingan laban sa Kanya at sa Kanyang Sugo ﷺ. Ang mga Kristiyano ay nagsasabing may anak ang Allâh at Siya’y may kahati sa Kanyang Pagkadiyos. Ang Allâh ay Tanging Iisa, Ang May-Kasapatan, ang Isang hindi ipinanganak ni nagkaanak, at Siya ay walang katulad.

²³ Kaya ipinaliwanag ni Propeta Muhammad ﷺ sa mga Angkan ng Kasulatan kung saan nila binago, binaluktot at pinalitan ang Mensahe, at ang kanilang kasinungalingan laban sa Allâh. Naitala ni Al-Hakim na si Ibn ‘Abbas ay nagsabi: Sinumang hindi naniniwala sa pagbato (sa mga nangalunya) ay hindi naniniwala sa *Qur’ân*, sapagka’t sinabi ng Allâh: *O Angkan ng Kasulatan*

tulungan sila, at magpahiram ng mabuting pautang sa Allâh (ang gumugol ng anumang bagay para sa Kanya). Katotohanan, Aking patatawarin ang inyong mga kasalanan at papapasukin kayo sa mga Hardin (Paraiso) na sa ilalim nito'y may mga ilog na umaagos. Nguni't, sinuman sa inyo ang tumanggi sa pananampalataya pagkaraan nito, tunay na siya ay naligaw (nang malayo) sa tuwid na landas."

13. Kaya dahil sa hindi nila pagtupad sa kasunduan, sila ay Aming isinumpa at pinatigas ang kanilang mga puso. Kanilang iniba ang (tamang) kinalalagyan ng mga Salita at masidhing tinalikuran ang (magan-dang) bahagi ng Mensaheng ipinadala sa kanila. At hindi hihinto na makakita kayo ng kanilang panlilinlang, maliban ang iilan sa kanila²¹. Nguni't patawarin sila at bigyang paumanhin (ang kanilang masasamang gawa).

تَوْنَهَا الْأَنْهَرُ فَمَنْ كَفَرَ بَعْدَ
ذَلِكَ مِنْكُمْ فَقَدْ ضَلَّ سَوَاءَ
السَّبِيلِ ﴿١٧﴾

فِيمَا نَقَضْتُمْ مِيثَاقَهُمْ لَعَنَّاهُمْ
وَجَعَلْنَا قُلُوبَهُمْ قَلْبًا سَيِّئًا
يَرْفُقُونَ الْأَكْمَرَ عَنْ مَوَاضِعِهِ
وَسُوا حَظًّا وَمَا ذَكُرُوا بِهِ وَلَا تَزَالُ
تَطَّلِعُ عَلَى خَائِنَةٍ مِنْهُمْ إِلَّا قَلِيلًا مِنْهُمْ
فَاعْفُ عَنْهُمْ وَاصْفَحْ إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ
الْمُحْسِنِينَ ﴿١٨﴾

²¹ Dahil sa kanilang paglabag sa pangakong ibinigay nila sa Allâh, sila'y isinumpa at inilihis sa katotohanan, at inalis sila sa patnubay. Hindi sila tumatanggap ng anumang pangaral dahil sa katigasan ng kanilang puso. Dahil naging masama at tiwali ang kanilang pang-unawa, binago nila ang malinaw na kahulugan ng Aklat na ipinadala ng Allâh, binaluktot nila ang mga babala at palatandaan nito. Iniuugnay nila sa Allâh ang hindi naman Niya sinabi. Kanilang tinalikuran ang Aklat sa pamamagitan ng di-pagsagawa nito at pagsawalang-bahala nito.

(nakalaang) kapatawaran at isang maluwalhating gantimpala.

10. At yaong mga hindi naniniwala at itinatatwa ang Aming mga ‘*Āyât* (katibayan, patunay, talata, aral, tanda, kapahayagan atbp.), sila yaong mananahanan sa Apoy ng Impiyerno.

11. O kayong mananampalataya! Tandaan ang pagpapala ng Allâh sa inyo noong maghangad ang ilan (sa kanilang balak) na iunat ang kanilang mga kamay laban sa inyo, nguni't pinigil (ng Allâh) para sa inyo ang kanilang mga kamay. Kaya magkaroon ng *Taqwâ* (takot) sa Allâh. At hayaang sa Allâh (lamang) ipagkaloob ang pagtitiwala ng mga mananampalataya.

12. At tunay na tinanggap ng Allâh ang tipan mula sa Angkan ng Israel (Hudyo). At Kami ay humirang mula sa kanila ng labindalawang pinuno. At ang Allâh ay nagsabi: “Ako ay kasama ninyo kung kayo ay magsagawa ng *Salâh* at magbigay ng *Zakâh* at maniwala sa Aking mga Sugo; tanggapin at

وَالَّذِينَ كَفَرُوا وَكَذَّبُوا بِآيَاتِنَا
أُولَٰئِكَ أَصْحَابُ الْجَحِيمِ ﴿١٠﴾

يَأْتِيهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا أَذْكُرُوا نِعْمَتَ
اللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ هُمْ قَوْمٌ أَن يَبْسُطُوا
إِلَيْكُمْ أَيْدِيَهُمْ فَكَفَّ أَيْدِيَهُمْ
عَنكُمْ وَأَتَقُوا اللَّهَ وَعَلَى اللَّهِ
فَلْيَتَوَكَّلِ الْمُؤْمِنُونَ ﴿١١﴾

﴿١٢﴾ وَقَدْ أَخَذَ اللَّهُ مِيثَاقَ بَنِي
إِسْرَائِيلَ وَبَعَثْنَا مِنْهُمُ اثْنَيْ عَشَرَ
نَبِيًّا وَقَالَ اللَّهُ إِنِّي مَعَكُمْ لَئِن
أَقَمْتُمُ الْعَسَاوَةَ وَءَاتَيْتُمُ الرِّكَوَةَ
وَأَمَنْتُمْ بِرُسُلِي وَعَزَّرْتُمُوهُمْ وَأَقْرَضْتُمُ
اللَّهُ قَرْضًا حَسَنًا لَأُكَفِّرَنَّ عَنْكُمْ
سَيِّئَاتِكُمْ وَلَأُدْخِلَنَّكُمْ جَنَّاتٍ تَجْرِي مِن

lihim na) nilalaman ng (inyong) dibdib.

8. O kayong mananampalataya! Maging matatag¹⁸ para sa Allâh bi-lang mga makatarungang saksi¹⁹, at huwag hayaan na ang poot at galit sa iba ang maging sanhi ng inyong pag-iwas sa katarungan²⁰. Maging makatarungan, ito ang higit na malapit sa *Taqwâ*; at magkaroon ng *Taqwâ* (takot) sa Allâh. Katotohanan, ang Allâh ang Lubos na Nakababatid sa inyong mga ginagawa.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُونُوا قَوِّمِينَ
لِلَّهِ شُهَدَاءَ بِالْقِسْطِ وَلَا يَجْرِمَنَّكُمْ
شَتَانُ قَوْمٍ عَلَيْكُمْ أَلَّا تَعْدِلُوا أَعْدِلُوا
هُوَ أَقْرَبُ لِلتَّقْوَىٰ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ
اللَّهَ خَبِيرٌ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿٨﴾

9. Nangako ang Allâh sa mga mananampalataya at gumagawa ng mga kabutihan, sa kanila'y may

وَعَدَ اللَّهُ الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا
الصَّالِحَاتِ لَهُمْ مَغْفِرَةٌ وَأَجْرٌ
عَظِيمٌ ﴿٩﴾

¹⁸ Maging matatag: Hinggil ito sa pagsasabi ng katotohanan para sa kasiyahan ng Allâh, hindi para sa kapakanan ng tao o sa pagnanais na magkaroon ng pangalan o katanyagan.

¹⁹ Makatarungang saksi: Ang pagpapanatili ng katarungan at iwasan ang paglabag. Si An-Numan bin Bashir ay nagsabi: Binigyan ako ng regalo ng aking ama, nguni't hindi pumayag ang aking ina at nagsabing hindi siya makapapayag dito hangga't hindi kuning saksi ang Sugo ng Allâh. Kaya pumunta ang aking ama sa Sugo ng Allâh at hiningi ang kanyang pagsaksi sa pagbibigay niya ng regalo sa akin. Ang Sugo ng Allâh ay nagtanong: *Nagbigay ka ba ng katulad nito sa iba mong mga anak?* Siya'y sumagot ng hindi. Ang Sugo ng Allâh ay nagsabi: *Magkaroon ka ng Taqwâ (takot) sa Allâh at iyong pakitunguhan nang pantay ang iyong mga anak.* Dagdag pa niya: *Hindi ako magiging saksi sa isang gawaing hindi makatarungan.* Bumalik ang aking ama at binawi ang regalo sa akin. (Muslim 3:1242)

²⁰ Huwag padadala sa simbuyo ng galit sa iba upang talikuran ang pagiging makatarungan sa kanila, manapa'y maging makatarungan sa lahat, maging kaibigan man o kaaway.

Nguni't kung kayo ay may karam-daman o naglalakbay, o ang sinuman sa inyo ay nanggaling (sa palikuran) sa pagsagot sa tawag ng kalikasan, o kayo ay nakipagtalik sa kababaihan (sa asawa), at (sa gayong pagkakataon ay) wala kayong matagpuang tubig, magkagayo'y magsagawa ng *Tayammum* sa (pamamagitan ng) malinis na lupa at ihaplas ito sa inyong mukha at mga kamay. Hindi nais ng Allâh na ilagay kayo sa kahirapan, nguni't nais Niyang kayo ay padalisayin, at gawing lubos ang Kanyang pagpapala sa inyo upang kayo'y maging mapagpasalamat.

7. At tandaan ang pagpapala ng Allâh sa inyo at ang Kanyang tipan na Kanyang pinagtibay sa inyo nang inyong sabihin: "Narinig namin at susundin namin."¹⁷ At magkaroon ng *Taqwâ* (takot) sa Allâh. Katotohanan, ang Allâh ay Lubos na Maalam sa (anumang

لِيَجْمَلَ عَلَيْكُمْ مِنْ حَرَجٍ
وَلَكِنْ يُرِيدُ لِيُطَهِّرَكُمْ وَلِيُتَمِّمَ
نِعْمَتَهُ عَلَيْكُمْ لَعَلَّكُمْ
تَشْكُرُونَ ﴿١﴾

وَأَذْكُرُوا نِعْمَةَ اللَّهِ عَلَيْكُمْ
وَمِمَّنْفَقَهُ الَّذِي وَانْفَقَكُمْ بِهِ إِذْ
قُلْتُمْ سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا وَأَتَقُوا اللَّهَ إِنَّ
اللَّهَ عَلَيْهِمْ بِذَاتِ الصُّدُورِ ﴿٧﴾

¹⁷ Nagbigay ng paalaala ang Allâh sa mga mananampalataya hinggil sa Kanyang biyaya – (ang Islam at ang pagpapadala Niya sa kanila ng isang marangal na Sugo ﴿٧﴾). Nagbigay din Siya ng paalaala sa kasunduan at pangako na Kanyang tinanggap mula sa kanila upang sundin ang Sugo ﴿٧﴾, itaguyod at tulungan siya, ipatupad ang kanyang batas at ibahagi ito para sa kanya, habang tinatanggap nila ito sa kanilang mga sarili. "Narinig namin at susundin namin." Ito ang pangakong ibinigay nila sa Sugo ng Allâh sa kanilang pagyakap sa Islâm.

Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) bago (dumating) ang inyong panahon, kapag naibigay na ninyo sa kanila ang nararapat na *Mahr* (handog na ibinibigay ng lalaki sa mapapangasawa), hinahangad ang kadalisayan at hindi ang bawal na pakikipagtalik, at huwag silang gawing kasintahan (o kalaguyo). At sinumang magtakwil sa pananampalataya, magkagayo'y walang saysay ang kanyang gawa. At sa Kabilang Buhay, siya ay mabibilang sa mga talunan.

6. O kayong mananampalataya! Kapag may layon kayong magsagawa ng *Salâh* (Pagdarasal), magkagayo'y hugasan ang inyong mukha at mga kamay (braso) hanggang siko, at haplusin (sa pamamagitan ng basang palad ng inyong mga kamay) ang inyong ulo, at (hugasan) ang inyong mga paa hanggang bukung-bukong. Kung kayo ay nasa kalagayan ng *Janâbah*,¹⁶ linisin ang inyong sarili (paliguan ang buong katawan).

يَتَأْتِيَا الذَّيْتِءَامَتُوا إِذَا قُمْتُمْ
إِلَى الصَّلَاةِ فَاغْسِلُوا وُجُوهَكُمْ
وَأَيْدِيَكُمْ إِلَى الْمَرَافِقِ وَامْسَحُوا
بُرُءُوسِكُمْ وَأَرْجُلَكُمْ إِلَى الْكَعْبَيْنِ
وَإِنْ كُنْتُمْ جُنُبًا فَأَطْهَرُوا وَإِنْ
كُنْتُمْ مَرَضًا أَوْ عَلَى سَفَرٍ أَوْ جَاءَ
أَحَدٌ مِنْكُمْ مِنَ الْغَائِطِ أَوْ لَمَسْتُمْ
النِّسَاءَ فَلَمْ تَجِدُوا مَاءً فَتَيَمَّمُوا
صَعِيدًا طَيِّبًا فَامْسَحُوا بِوُجُوهِكُمْ
وَأَيْدِيكُمْ مِنْهُ مَا يُرِيدُ اللَّهُ

¹⁶ *Janâbah*: Isang katayuan na kung saan ang isang Muslim ay nangangailangan ng *Ghusl* (pagpapaligo ng buong katawan) dahil sa pakikipagtalik sa asawa, o dulot ng isang sensuwal na panaginip o anumang kaparaanang umabot sa sukdulang maglabas ng semilya.

ipinag-utos sa inyo ng Allâh; kaya kainin ang nahuli nila para sa inyo nguni't banggitin ang Pangalan ng Allâh¹³ sa mga ito at magkaroon ng takot sa Allâh. Katotohanan, ang Allâh ay maagap sa pagtutuós (o pagbibilang).”

5. Sa araw na ito ay ipinahihintulot sa inyo ang *At-Tayyibât* (mga pagkaing *Halâl* – mabubuti at malilinis). Ang mga pagkain ng Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano)¹⁴ ay ipinahihintulot sa inyo, at ang inyong pagkain ay ipinahihintulot sa kanila. (Ipinahihintulot sa inyo ang pagpapakasal) sa mga mararangal na kababaihan mula sa mga mananam-palataya at mararangal na kababaihan¹⁵ mula sa pinagkalooban ng

أَيَّومٍ أُحِلَّ لَكُمْ الطَّيِّبَاتُ وَطَعَامُ الَّذِينَ
 أَوْتُوا الْكِتَابَ حِلٌّ لَكُمْ وَطَعَامُكُمْ حِلٌّ
 لَهُمْ وَالْحَصْنَةُ مِنَ الْمُؤْمِنَاتِ وَالْحَصْنَةُ
 مِنَ الَّذِينَ أَوْتُوا الْكِتَابَ مِنْ قَبْلِكُمْ إِذَا
 ءَاتَيْتُمُوهُنَّ أَجْرَهُنَّ مُحْصِنِينَ غَيْرَ
 مُسْفُوحِينَ وَلَا مُتَّخِذِي أَخْدَانٍ وَمَنْ
 يَكْفُرْ بِالْإِيمَانِ فَقَدْ حَبِطَ عَمَلُهُ
 وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ الْكَاسِرِينَ ﴿٥﴾

¹³ Banggitin ang Pangalan ng Allâh: Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: *Kung inyong pinakawalan ang mangangasong aso, magkagayo'y banggitin ang Pangalan ng Allâh. Anuman ang nahuli nito para sa iyo at natagpuan mo itong buhay, katayin ito. Kung ito ay matagpuan mong patay na at hindi naman kinain ng aso, maaari mong kainin ito sapagka't ginawa lamang ng aso na matupad ang pagkatay sa kanya.* (Muslim 3:1530). Sinabi pa rin ng Propeta ﷺ: *Kung natagpuan mong kinain na ng aso ang alinmang bahagi nito, huwag itong kainin sapagka't ako ay nag-aalala na hinuli ng aso ito para sa kanya.* (Muslim 3:1529)

¹⁴ Ang mga pagkain ng mga Hudyo at Kristiyano katulad ng kinatay na baka, kambing at iba pang hayop na maaaring kainin ayon sa batas ng Islam ay ipinahihintulot sa mga Muslim. Gayundin naman, ipinahihintulot sa kanila ang pagkain ng mga Muslim.

¹⁵ Ang 'mararangal na kababaihan' ay hinggil sa mga kababaihang hindi gumagawa ng pangangalunya.

(lahat ng) mga ito ay *Fisq* (pagsuway sa Allâh, kamangmangan at *Shirk*). Sa araw na ito, yaong mga di-naniwala ay nawalan na ng pag-asa (na mailayo kayo) sa inyong pananampalataya. Kaya huwag silang katakutan, bagkus matakot sa Akin. Sa araw na ito ay Aking ginawang ganap ang inyong pananampalataya para sa inyo, at ginawang lubos ang Aking pagpapala sa inyo, at Aking pinili para sa inyo ang Islam bilang inyong pananampalataya. Nguni't sa sinumang napilitan sanhi ng matinding pagkagutom, nang walang layuning gumawa ng kasalanan, katiyakan ang Allâh ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Mahabagin.

4. Tinatanong ka nila (O Muhammad ﷺ) kung ano ang (pagkain na) pinahihintulutan sa kanila. Sabihin: "Ipinahihintulot sa inyo ay *At-Tayyibât* (mga pagkaing *Halâl* – mabubuti at malilinis). At yaong *Jawârih* (mga maninilang hayop at ibon) na inyong sinanay at tinuruan upang manghuli sa kaparaanang

يَسْأَلُونَكَ مَاذَا أُحِلَّ لَكُمْ قُلْ أُحِلَّ لَكُمْ
 الطَّيِّبَاتُ وَمَا عَلَّمْتُم مِّنَ الْجَوَارِحِ
 مُكَلِّبِينَ يُعَاوَنُوهنَّ مِمَّا عَلَّمَكُمُ اللَّهُ فَكُلُوا
 مِمَّا أَمْسَكْنَ عَلَيْكُمْ وَاذْكُرُوا أَنَّمْ اللَّهُ
 عَلَيْهٖ وَالْقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ سَرِيعُ
 الْحِسَابِ ﴿١٥١﴾

kinain o) nilapa ng mabangis na hayop⁹ – maliban kung nakuha pa ninyong katayin ito (habang naghihingalo)¹⁰, at yaong inialay (kinatay) sa *An-Nusub* (dambanang bato)¹¹. Gayundin (ipinagbabawal sa inyo) ang paggamit ng *Al-Azlam* (mga palaso) upang makapagpasiya¹². Ang

⁹ Tinutukoy dito ang hayop na sinibasib ng leon, leopardo, tigre, lobo, aso, atbp. at kapagdaka’y namatay kahit pa man din dumaloy ang dugo nito mula sa sugat sa leeg.

¹⁰ Gayunpaman, kung ang mga hayop na nasakal, napalo, nahulog, nasuwag, o sinibasib ng mabangis na hayop ay inabutan pang may buhay at nakuha pang katayin ayon sa alituntunin ng Islam, magkagayon ang mga ito ay maaari pa ring kainin. Naitala ni Ibn Jarir na sinabi ni ‘Ali (nawa’y kalugdan siya ng Allâh): Kung nakuha pa ninyong katayin ang hayop na napalo o nahulog o nasuwag habang ang paa nito ay gumagalaw pa, magkagayo’y maaaring kainin ang laman nito.

¹¹ Ang *Nusub* ay mga dambanang bato na itinayo sa paligid ng *Ka’bah*. Sinabi ni Ibn Jurayj: Noong panahon ng kamangmangan (panahon bago dumating ang Islam), may 360 ang bilang ng mga altar ng mga diyus-diyusan na dating ginagamit ng mga Arabo sa kanilang pagkatay ng mga hayop. Kanilang dinidiligan ang bawa’t hayop na dumating sa *Ka’bah* ng dugo ng mga kinatay na hayop na ang laman nito’y pinagpira-piraso at inilalagay sa mga dambana. Ipinagbabawal ng Allâh ang pagsagawa nito. Ipinagbabawal din Niya ang pagkain sa laman ng anumang hayop na kinatay sa paligid ng mga altar na ito kahit na binanggit pa ang Pangalan ng Allâh sa pagkatay sa mga ito, sapagka’t ang pagkatay sa mga pook ng dambanang itinayo para sa mga diyus-diyusan ay isang uri ng *Shirk* (pagtatambal sa pagsamba sa Allâh) na mahigpit na ipinagbawal ng Allâh at ng Kanyang Sugo ﷻ.

¹² Ito ay isang kaugalian ng mga Arabo noong panahon ng kamangmangan. Gumagamit sila ng tatlong palaso, ang isa ay may nakasulat na ‘Gawin’, ang pangalawa ay “Huwag gawin”, at ang pangatlo ay walang marka. Ang iba naman ay nakasulat doon ang ‘Ipinag-uutos ng Panginoon sa akin’, ang pangalawa naman ay ‘Ipinagbabawal ng Panginoon sa akin’ at ang pangatlo ay walang marka. Kapag nabunot ang walang marka, magpapatuloy ang bunutan hanggang sa mabunot niya ang alin man sa unang dalawa, at dapat niyang gawin o isakatuparan ang anumang nakasulat doon.

3. Ipinagbabawal sa inyo (bilang mga pagkain) ang mga: *Al-Maytah* (mga namatay na hayop o laman ng (isang) hayop na hindi dumaan sa tamang pagkatay), dugo, laman ng baboy⁶, at yaong (mga hayop na) kinatay bilang alay sa iba maliban sa Allâh⁷, at yaong mga namatay sa sakal (sinasadya man o hindi), o sa isang (marahas na) palo, o di kaya'y sa pagkahulog, o sa pagkasuwag⁸ – at yaong (ang ibang bahagi nito ay

وَالْمَنْخِفَةُ وَالْمَوْفُودَةُ وَالْمَتَرَدِيَّةُ
وَالنَّطِيحَةُ وَمَا أَكَلَ السَّبُعُ إِلَّا مَا
ذَكَيْتُمْ وَمَا ذُبِحَ عَلَى النُّصَبِ وَأَنْ
تَسْتَفْسِمُوا بِالْأَزْلَمِ ذَلِكُمْ فَسُقُ
الْيَوْمَ نَيْسَ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ دِينِكُمْ
فَلَا تَخْشَوْهُمْ وَاخْشَوْنَ الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ
لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَمَّنتُ عَلَيْكُمْ بِعَمَتِي
وَرَضِيتُ لَكُمُ الْإِسْلَامَ دِينًا فَمَنِ
أَضْطَرَّ فِي مَخْصَصَةٍ غَيْرِ مُتَجَانِفٍ
لِإِسْلَامِ فَإِنَّ اللَّهَ غَفُورٌ رَحِيمٌ ﴿٣﴾

⁶ Laman ng baboy: Kasama na rito ang lahat ng uri ng baboy – inaalagaan man o hindi. Gayundin ang lahat ng bahagi ng katawan nito maging ang taba. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: *Sinumang magsugal sa pamamagitan ng dais (dice), ay katulad ng isang taong inilagay ang kamay sa laman at dugo ng baboy.* (Muslim 4:1770). Hindi ba higit na malala kung kakainin pa ang mga ito? Gayundin, sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: *Ipinagbawal ng Allâh ang pangangalakal ng alkohol (anumang nakalalasing), Al-Maytah (hayop na hindi dumaan sa tamang pagkatay), baboy, at (mga imahen ng) diyus-diyusan.* Ang mga tao ay nagtanong: *O Sugo ng Allâh, paano na ang balat ng mga hayop na ito, at ang taba ng mga ito na ginagamit bilang panggrasa sa mga bangka at langis sa mga ilaw? Siya'y nagsabi: Ito ay ipinagbabawal.* (Muslim 3:1207)

⁷ Maliban sa Pangalan ng Allâh, ang pagbanggit sa ibang mga pangalan sa pagkatay ng mga hayop ay hindi pinahihintulutan sapagka't ipinag-utos ng Allâh na banggitin lamang ang Kanyang Banal na Pangalan sa pagkatay ng mga hayop na Kanyang nilikha. Sinumang hindi tumupad nito ay ginawang bawal sa kanya ang laman nito.

⁸ Ipinagbabawal kainin ang laman ng hayop na namatay sa sakal maging ito man ay sinasadya o hindi, gayundin ang mga hayop na namatay sa pamamagitan ng pagpalo, yaong mga hayop na namatay dahil sa pagkahulog sa mataas na pook katulad halimbawa ng bangin, at yaong mga hayop na namatay sa pagkasuwag ng ibang hayop kahit na namatay ito dahil sa sugat sa kanyang leeg at umagos ang dugo.

Allâh), at ang *Qalâ'id* (mga kuwintas na bulaklak sa mga hayop na iaalay)⁵, at maging ang mga taong patungo sa Sagradong Bahay (*Makkah*) na naghahangad ng biyaya at kasiyahan ng kanilang Panginoon. Nguni't kapag natapos na ninyo ang 'Ihrâm (ng *Hajj* o 'Umrah), ang pangangaso (kung inyong naisin) ay pinahihintulutan na sa inyo. At huwag hayaan na ang poot ng mga taong naghahadlang sa inyo (noon) sa pagtungo sa *Al-Masjid Al-Harâm* (sa *Makkah*) ang magtulak sa inyo sa (gawaing) pagsuway. At magtulungan kayo sa *Al-Birr* (mga gawaing kabutihang) at *Taqwâ* (pagkakaroon ng takot at pagkamasunurin sa Allâh). At huwag kayong magtulungan sa pagkakasala at pagsuway (sa batas). At magkaroon ng *Taqwâ* sa Allâh. Katotohanan, ang Allâh ay mahigpit sa (pagpataw ng) parusa.

حَلَلْتُمْ فَأَسْطَادُوا وَلَا يَجْرِمَنَّكُمْ شَنَاٰنُ
 قَوْمٍ أَن صَدُّوكُمْ عَنِ الْمَسْجِدِ
 الْحَرَامِ أَن تَعْتَدُوا وَتَعَاوَنُوا عَلَى الْبِرِّ
 وَالتَّقْوَىٰ وَلَا نَعَاوَنُوا عَلَى الْإِثْمِ
 وَالْعَدْوٰنِ وَأَتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ شَدِيدُ
 الْعِقَابِ ﴿٢﴾

⁵ *Qalâ'id*: Ito ang paglalagay ng kuwintas na bulaklak sa mga iaalay na hayop upang maiba sila sa ibang mga hayop. Sa ganitong paraan makikilala ang mga ito bilang *Hady* (iaalay na hayop) na siyang magsisilbing palatandaan upang ang sinumang nagnanais ng masama sa mga ito ay magkaroon ng pagpipigil sa sarili.

Kabanata 5 Al-Mâ'idah
(Ang Hapag Na May Pagkain)

*Sa Ngalan ng Allâh, Ang Mapagpala,
 Ang Mahabagin*

1. O kayong mananampalataya! Tuparin ang (inyong) mga tungkulin¹. Ipinahihintulot sa inyo (bilang pagkain) ang lahat ng *Bahîmatul-'an'âmi* (mga hayop na baka)² maliban sa mga ipahahayag sa inyo (rito). Ipinagbabawal din sa inyo ang pangangaso kapag kayo ay nasa kalagayang 'Ihrâm (para sa *Hajj* o 'Umrah). Katotohanan, ipinag-uutos ng Allâh ang anumang Kanyang naisin.

2. O kayong mananampalataya! Huwag lapastanganin ang kabanalan ng *Sha'â'ir Allâh* (mga Sagisag ng Allâh)³, maging ang Sagradong Buwan⁴, ang *Hady* (mga hayop) na nakalaan bilang pag-aalay (sa

سُورَةُ الْمَائِدَةِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَوْفُوا بِالْعُقُودِ
 أُحِلَّتْ لَكُمْ بَهِيمَةُ الْأَنْعَامِ إِلَّا مَا يُتْلَى
 عَلَيْكُمْ غَيْرَ مُحِلِّي الصَّيْدِ وَأَنْتُمْ حُرْمٌ إِنَّ
 اللَّهَ يَحْكُمُ مَا يُرِيدُ ﴿١﴾

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تُلْحُوا شَعَائِرَ
 اللَّهِ وَلَا الشَّهْرَ الْحَرَامَ وَلَا الْهَدْيَ وَلَا
 الْقُلُوبَ وَلَا آيَاتِ الْبَيْتِ الْحَرَامِ
 يَتَّبِعُونَ فَضْلًا مِنْ رَبِّهِمْ وَرِضْوَانًا وَإِذَا

¹ Tuparin ang mga tungkulin: Ito ay tumutukoy sa mga bagay na ipinahihintulot at ipinagbabawal ng Allâh. May tipan ang Allâh sa mga taong nagpapahayag ng kanilang paniniwala sa Propeta ﷺ at sa Aklat na tupdin ang kanilang mga tungkuling ipinahayag Niya sa kanila maging ito ay ipinahihintulutan o ipinagbabawal.

² *Bahîmatul-'an'âmi*: "Mga hayop na baka" ay isang katawagan ng mga Arabo sa mga uri ng hayop katulad ng kamelyo, baka, tupa, at kambing. Ang mga ipinahihintulot na hayop bilang pagkain ay nararapat na dumaan muna sa isang pagkatay na ipinatutupad ng Islam.

³ *Sha'â'ir Allâh*: Mga Sagisag ng Allâh katulad ng mga ritwal na ginagawa sa panahon ng *Hajj*, halimbawa ang *As-Safa* at *Al-Marwah*, at ang *Hady* – mga iaalay na hayop.

⁴ Sagradong Buwan: *Dhul-Qa'dah*, *Dhul-Hijjah*, *Muharram* at *Rajab*.

PASIMULA

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagbigay, ang Mahabagin

Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah, ang Rabb (Lumikha, Tagapanustos at Panginoon) ng lahat ng nilikha. Pinupuri natin Siya at hinahangad natin ang Kanyang tulong at kapatawaran. Sinumang binigyang patnubay ng Allah, walang sinumang makapagligaw sa kanya. Sinumang hinayaan Niyang maligaw, walang sinumang makapagbibigay patnubay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah – ang nag-iisa at walang katambal. Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Alipin at Sugo ng Allah. Nawa’y itampok ng Allah ang pagbanggit sa kanya at nawa’y bigyan siya ng kalinga laban sa lahat ng masama. Nawa’y pagpalain ng Allah ang pamilya ng Propeta pati na rin ang mga butihing kasama niya at gayundin ang lahat ng nasa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Ipinahayag ang Banal na Qur’an sa huling Propeta at Sugo ng Allah na si Muhammad Ibn Abdullah sa loob ng dalawapu’t tatlong taon. Ito ay pawang mga Salita ng Allah na Kanyang ipinahayag sa pamamagitan ni Anghel Gabriel sa isang napakayaman at napakahusay na wika--- Arabik.

Matutunghayan sa Banal na Qur’an (15:9) na ang Allah ay nangako na ito ay Kanyang pangangalagaan laban sa anumang pagbabago magpakailanman. Kaya naman, sa mahigit na 14 na siglo (1400 taon) mula nang ito ay ipahayag, ito ay nananatiling nasa orihinal na anyo at malaya sa anumang pagbabago, pagdaragdag, pagbabawas o pagpapalit.

Ang tungkulin ng Ummah (sambayanang Muslim) ay magkaroon ng tamang pang-unawa sa Banal na Qur’an. Dahil sa tungkuling ito, ang pagpapaliwanag sa kahulugan nito ay patuloy na inilalathala sa iba’t ibang wika upang maging magaan sa mga Muslim, anuman ang lahi, na maunawaan ang nilalaman ng Banal na Qur’an.

Ang Islamic Studies, Call & Guidance – Philippines (ISCAG) ay nagpasiyang ihanda sa wikang Pilipino ang pagpapaliwanag sa kahulugan ng Banal na Qur’an. Ang proyektong ito ay isinagawa sa Riyadh, Saudi Arabia.


Taos-pusong pasasalamat sa ating mga kapatid sa kanilang pagtulong sa pananaliksik, at paghahanda at pagrerepaso sa proyektong ito. Nawa’y pagpalain ng Allah ang pagsisikap nating maipalaganap ang Kanyang Banal na Salita, Ameen.

Sa ating mambabasa, nais naming malaman ang anumang payo, mungkahi at suhestiyon na inyong maibibigay upang higit na mapahusay ang nilalaman nito.


Islamic Studies, Call & Guidance – Philippines (ISCAG)

Maraming Salamat,

Khalid Evaristo
President



إعداد
مركز البحوث الإسلامية والدعوة
والإرشاد بالفلبين - كافيتي



هاتف: ٤١٦٣٣٧١ - ٤٦ - ٠٠٦٣

فاكس: ٥٠٦١٤٥١ - ٤٦ - ٠٠٦٣

طبع على نفقة
مركز العناية بالمسلمين الجدد



ت: ٢٤٢٣٠٠٨ - ٢٤٢٣٠٠٤ ف: ٢٤٢٣٠٠١
ص.ب: ٤٣٣٣٩ الرمز البريدي ١١٥٦١ الرياض

ح) مركز العناية بالمسلمين الجدد، ١٤٢٨هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

ايفرستو، خالد

ترجمة تفسير سورة المائدة. - خالد ايفرستو؛ مركز البحوث الإسلامية
والدعوة والإرشاد بالقلبين. - الرياض، ١٤٢٨هـ

٦٨ ص ، ١٧ × ٢٤ سم

ردمك : ٢-١٧١-٥٨-٩٩٦٠-٩٧٨

(النص باللغة القلبيية)

١- القرآن - التفسير الحديث ٢- القرآن - سورة المائدة - تفسير

أ- مركز البحوث الإسلامية والدعوة والإرشاد بالقلبين (مترجم)

ب- العنوان

١٤٢٨/٤٦٠٣

ديوي ٦، ٢٢٧

رقم الإيداع : ١٤٢٨/٤٦٠٣

ردمك : ٢-١٧١-٥٨-٩٩٦٠-٩٧٨

تفسير سورة المائدة

ترجمه إلى اللغة الفلبينية
(التاجالوج)

مركز البحوث الإسلامية
والدعوة والإرشاد في الضلبي

تفسير سورة المائدة

Islamic Studies, Call and
Guidance of the Philippines
Tel. No.: (0063) (46) 4163371
Fax No.: (0063) (46) 5061451

Congressional Road,
Salitran 1, Dasmariñas,
Cavite Philippines
www.iscag.com



مركز البحوث الإسلامية
والدعوة والإرشاد في الضليين
هاتف: ٤٦-٤٦-٤١٦٣٣٧١
فاكس: ٥٠٦١٤٥١-٤٦-٤٦